


KANINO PA KAMI

MAGSISIPAROON?

 Kapatid na Russell. Hindi, 'yung...Hindi. Oo, ang ibig kong sabihin...Ang sabi mo kasi'y lumaki siya nang kaunti, kaya ang sabi ko...pataas 'yung laki niya, hindi palapad.

² Buweno, tunay na nagagalak tayo na makaparito kasama si Kapatid na Ruddell at ang kanyang iglesya, ngayong gabi. At may mga bentilador po sila riyan, naisaksak naman na siguro sa kuryente, para maging maaliwalas ang pakiramdam n'yo na parang nasa bahay kayo. Ako nga'y nanatili muna sa loob ng kotse at naghintay hanggang sa oras ko nang pumasok, dahil alam ko—alam ko na may kainitan sa dako rito. Mistula ngang, Indiana, mayroon tayong taglamig pagkatapos biglang tag-init agad, tapos balik na naman tayo sa taglamig.

³ At mangyaring doble ang saya ko, sa gabing ito, na makapa rito sa pulpitong ito kasama si Kapatid na Ruddell, dahil si Kapatid na Ruddell ay para ko na ring anak. Naaalala ko, ilang taon na rin po ang nakalipas, nung 'yung tatay niya at ako'y magkasama sa trabaho. At heto nga ang isang kabataan na ito, at siya nga'y nakapag-aral, nag-aral siya sa God's Bible School, para bang nahirapan pa siya sa una na magpasimula. Mistula ngang ayaw niyang lumabas, kung tutuusin. May pagka kimi siya, mahiyain. Pero, sa huli, nagsumikap siya, at heto na po ang mga bunga ng kanyang pagsusumikap. At iniisip ko, sa sarili ko lang na opinyon, na si Kapatid na Ruddell ay haya't nagpapasimula pa lang. Ito pa lang ang simula. At mahirap pong masabi kung gaanong kalawak ang ilalago nito. Umaasa ako na makakaabot ito hanggang sa masukal na kakahuyan sa dako rito. Kumbaga sa . . .

⁴ Binabanggit ko nga kanina sa isang kausap, sa labas, kay Kapatid na Mike Egan. Mga ilang taon na rin ang nakalipas, madalas akong mamaril ng squirrel sa dako rito. Sadya ngang marami nang pagbabago. Mukhang nasakop na ng sibilisasyon ang lugar dito. Wala na kaming lugar para makapamaril pa ng squirrel o makapangaso pa ng kuneho, siyanga, kung patuloy na lumalago ang sibilisasyon sa palibot dito. Mukha ngang . . .

⁵ Mga ilang taon ang nakararaan, dito sa lumang lugar kung saan ako lumaki, aba, kinakailangan mong lumakad ng isang milya para makapunta lang sa kapitbahay. Ngayon, di ka na puwedeng magtapon ng tubig sa likod-bahay, dahil matatapon

mo 'yun sa pinto ng kapitbahay. Mangyari ngang, tabi-tabi na talaga ang lahat.

⁶ Napakainam na makaparito. At di ko kayo pananatilihin dito nang matagal. Hiniling sa akin ni Kapatid na Ruddell, nung minsan, na bumisita rito sa tabernakulo, manalangin para sa mga maysakit.

⁷ Naiisip ko nga, ang isang bagay na nagagawa nito sa isang baguhang ministro kagaya rito, kapag bumibisita po kami't manalangin sa mga maysakit, at lalong-lalo na kapag ang Panginoon ay magpapakita sa atin ng Kanyang Kaluwalhatian, sadya ngang pinalalakas ang bagong iglesya rito. Nakikita ko ang ilan sa mga kaibigan ko na mula sa tabernakulo na sila'y narito, at ang ilan sa mga tagapangasiwa, at iba pa. At ngayon, sila po, marami sa mga taong ito ang nasaksihan na mismo ang Panginoon na nagpagaling ng mga maysakit. At, buweno, kung Kanya lamang gagawin uli 'yun sa gabing ito, na darating sa eksena, sa Kanyang Kaluwalhatian, ito—ito nga'y makakapag palakas ng pananampalataya ng mga tao. Sadya ngang ito'y—ito'y magbibigay sa kanila ng—ng pag-asa.

⁸ Magiging malaking tulong 'yun kay Kapatid na Ruddell, dahil si Kapatid na Ruddell ay determinadong mangaral ng Buong Ebanghelyo. Ngayon, di lubos ang kasiyahan ko kung di 'yun ang ipangangaral niya. Sa tingin ko'y di rin masisiyahan ang Panginoon. Kaya, at, tunay nga, siya'y mananatili talaga Rito. At siguro naman sa mga maliliit na mga pagtitipon, na katulad nito, kapag ang ilan sa atin na mga matatagal nang mangangaral, alam n'yo, ay makabibisita, haya't, nakatutulong nga ito nang malaki sa mga baguhang mangangaral.

⁹ At ngayon, sa mga dumadalo sa tabernakulo, pupunta ako bukas, pero ako lamang. . . Ngayon, wala po akong bakanteng oras hanggang sa ika-labinglima ng Agosto. Talagang sunud-sunod po ang mga pagtitipon. Kaya marahil ako'y, darating marahil para sa Sunday school, pero di ako makakapangusap.

¹⁰ At ikinalulungkot kong mabalitaan, na mga isang oras pa lang ang nakararaan, na si Kapatid na Neville po, ang aming pastor, 'yung kanyang hipag ay inilibing ngayong araw. Di ko lang alam kung nabalitaan na 'yun ng tabernakulo. Sa tingin ko'y wala rito si Kapatid na Neville. Tumingin ako sa paligid, bago ko sabihin ito. Hindi ko lang alam kung may nakakaalam kung nakapagpadala na tayo dun ng mga bulaklak. Di ko lang po alam. Nabalitaan ko lang ito, kani-kanina. Sinabi sa akin ni Billy na may nakapagbalita raw sa kanya na 'yung pong hipag daw ni Kapatid na Neville ay inilibing na pala ngayong araw. Ako nga'y lubos na nalulungkot na mabalitaan 'yan. Siya po'y malayong kamag-anak ko, sa kasal. At ikinalulungkot ko pong mabalitaan, ang kanyang pagpanaw.

¹¹ Dalawa po sa mga kaibigan ko ang nakahimlay na rin pala sa isang dako, ngayong gabi: sina Dave Wright at G. Henson. Ni di ko alam na sila pala’y may sakit. Kapwa po sila namatay sa magkahiwalay na ospital, kahapon at nitong umaga lang, sa pagkakaalam ko.

¹² Kaya, isa lang ang ipinapakita n’yan, na di tayo mananatili nang matagal sa dako rito. Tayo nga’y umuusad nang umuusad sa animo’y nakapila. Di natin alam kung anong oras bubunutin ng Diyos ang ating numero mula dun sa lalagyan ng mga card sa dako roon. Tutugon at tutugon tayo.

¹³ Kaya sa pagdako natin sa gawaing ito, ngayong gabi, alam ko po na mainit, talagang mainit. Pero alalahanin po natin na pumarito tayo sa dako rito para gawin ang talagang mainam na magagawa natin, para ipakita sa Diyos na tayo’y sinsero’t atin talagang iniibig Siya. At ninanais natin na ang bawat tao na naparito, na di Siya iniibig, na mahulog ang loob nila sa Kanya sa gabing ito. At ang lahat ng di sumasampalataya sa Kanya, ninanais namin na inyo Siyang sampalatayanan, sa gabing ito, nang buong puso n’yo. Nang sa gayon ang pagtitipong ito ay maging isang bagay na matatandaan sa kasaysayan, na dito sa tabernakulo rito, na bagay na mababalikan n’yo sa kasaysayan, at masasabi n’yo, “Nung gabing ’yun, dumating sa amin doon ang Panginoon at ipinangyari sa amin ang ganito-at-ganoon.”

¹⁴ Kaya, ngayon, bago po tayo bumuklat sa Biblia para sa pagbabasa ng Salita . . .

¹⁵ Naririnig n’yo ba akong maigi riyang sa likod, diyan sa likod na likod? Iniisip ko, dito sa mga *narito*, kung inyo bang . . . Inyo bang naririnig ito nang maigi? Naririnig po bang maigi, *riyan*? Di yata ganoong karami ang nakikita kong tumatango. Sige’t kung ganito po kaya, mas naririnig bang maigi? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige. Pananatilihin kong *ganito* ang puwesto, kung ganoon.

¹⁶ Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo sa kaunting sandali ng pananalangin. At iniisip ko, na sa kataimtiman ng sandaling ito, kung mayroon po ba rito na nagnanais na sila’y maalaala sa panalangin, sige’t itaas lamang nila ang kanilang mga kamay? Pagpalain kayo ng Diyos, ang bawat isa sa inyo. Kanya mismong nakikita’t nababatid.

¹⁷ Aming mapagbiyaya’t Makalangit na Ama, dumudulog po kami sa Iyong Presensya nang may pagpipitagan, nang di lang nakayuko ang aming mga ulo, bagkus maging ang aming mga puso’y nakayuko. Sapagkat napagtatanto namin na nasusulat sa Iyong Salita, na, “Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo, Ako’y pasasa gitna nila.” Kaya may katiyakan kami na Ikaw nga’y narito po ngayon, na ang dakilang Espiritu Santo’y kumikilos sa munting gusaling ito dahil ito’y pangako mismo ng Diyos.

18 Dalangin namin na Iyong pagpapalain ang pagtitipon na ito sa gabing ito. Iyo pong pagpalain ang munting iglesyang ito at ang pastor dito, at maging ang lahat ng mga kamanggagawa sa dako rito, lahat ng mga miyembro. At nawa'y lumago ito nang lumago hanggang sa ito'y maging parola ng liwanag para sa Kaharian ng Diyos, hanggang sa ang mga tao'y pumarito na manggagaling man sa malayo at malapit, na makasadya, para makasaksi sa mga gawa ng Panginoon. Ito'y maging kagaya nawa nung templo nung lumang panahon, na ang mga tao sa iba't ibang panig ng mundo'y sasadya para makapakinig sa karunungan ni Solomon, at nawa'y maraming mga dakilang bagay ang maipangyari. At saanman kami makapagtipun-tipon sa Kanyang Pangalan, 'yun ang dakong tagpuan, ang templo ng Panginoon.

19 At dalangin namin na Iyong kikilalanin, ngayong gabi, ang Iyong mga lingkod, at ang mga panalangin na idudulog namin sa Iyo, ang mga awitin na aming aawitin. At Iyong pagpapalain ang Salita, Panginoon. Sa pagpapahayag Nito, nawa'y mahulog Ito mismo sa matabang lupa. Sa oras na ito mismo, Panginoon, dalangin namin na Iyong bubunutin ang bawat kauusbong pa lamang na damo, bawat ugat ng kapaitan, at lahat mismo ng kawalan ng pananampalataya, mula sa mga puso ng mga tao; nang sa gayon ang Salita'y mahulog sa mainam, masustansya't, matabang lupa, na Ito'y mamumunga mismo ng mayabong na mga resulta sa mga tao.

20 Iyo pong pagpalain ang mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Tunay na Iyo pong nakikita sila't nalalaman ang kani-kanilang pangangailangan. Iyo pong ipagkaloob ito sa amin, Ama, sa pamamagitan ng Pangalan ng Iyong Banal na Anak, ang Panginoong Jesus, hinihiling po namin ito. Amen.

21 Ngayon, sa gabing ito, sa inyo na dala ang inyong mga Biblia, hinihiling ko sa inyo na makibuklat po kayo sa akin sa San Juan, sa ika-6 na kabanata, at magsimula po tayo sa ika-66 na talata, at magbasa tayo ng ilang mga nasusulat dito. San Juan 6:66.

Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.

Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman?

...sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw yaong Cristo, ang Anak ng buhay na Dios.

22 Tatawagin ko itong tekstong ito, pamamagatan ko po ng: *Kanino Pa Kami Magsisiparoon?*

23 Alam n'yo, ang mga tao sa panahon ngayon ay katulad din naman nung mga tao sa panahon noon. Lumalakad ang mga tao, na di nila nalalaman kung saan ba sila patutungo, at para bang wala silang pakialam. Malaya silang nakapupunta saan man nila gustong pumunta, at—at mistula bang kalayawan lagi ang hanap ng mga taong ito. Ang tao nga'y mistulang walang pinagbago't kagayang-kagaya nung kanyang lisanin ang Diyos sa halamanan ng Eden, na haya't napabayaang nga na gumawa sa kanyang sarili. Mangyaring iwinaglit niya mismo ang Diyos, at siya'y sadyang pumupunta't pumupunta sa kung saan niya naisin, at mistulang ang buong diwa niya'y sa kalayawan na lang nakahilig.

24 At—at wala nga siyang pinagbago sa kanyang hilig. Di siya masyadong nagbago sa kanyang pananaw. Pinanghahawakan niya nang husto ang kanyang dahong-igos na relihiyon, alam n'yo. Ang gusto niya'y sarili niyang diskarte, mismo, at sige't kanyang tatakpan ang kanyang sarili, at lalakad nang ganoon, humigit-kumulang, gaya ng sinasabi ko, humigit-kumulang, na kontento na sa ganoon, kontento sa sarili niyang diskarte, kung may kahulugan nga ang salitang 'yan. Ipinapaniwala niya ang kanyang sarili na kontento na siya. Sa kabila ng, doon mismo sa kaibuturan ng kaluluwa niya, alam niya na mali siya. Alam niya na anumang gawin ng tao, 'yun nga'y nasalaula na mula sa simula pa lang. At wala nga siyang magagawa para ilitas ang kanyang sarili na mistula ngang maisintas man niya ang bota niya nang walang tulong ay di pa rin siya makatatalon patungo sa buwan. Di niya 'yun magagawa. Ano mang pagsisikap niya na magawa 'yun, magmimistula lang siyang leopardo na kahit anong himod at himod sa kanyang batik ay di 'yun mabubura. Ang naibubunsod lang niya'y mas lalo lang nagiging litaw ang kanyang mga kasalanan. Pero siya, sa kabila nun, ay di pa rin niya gustong makinig. Nagsusumikap lang siya nang walang patutunguhan.

25 Pero, si Pedro, nung panahon na 'yun, haya't sumagot siya katulad ng marami sa atin sa gabing ito. May nasumpungan kasi siyang isang bagay na kakaiba. Nakatagpo niya si Jesus, at napagkilala niya na may bagay na higit pa sa paglalakad lang nang walang patutunguhan. Sinumang makatagpo kay Jesus, ay di na siya magnanais na mapalayo't walang patutunguhan, kahit kailan. May bagay na mangyayari't mangyayari sa kanya kapag nakatagpo niya si Jesus. Di na siya katulad ng dati. At heto noon si Pedro na nakatagpo niya si Jesus, at may nakita siyang kung anong bagay kay Jesus na kaiba sa iba pang tao. Wala ngang ibang tao na tulad ni Jesus. At natagpuan niya ang dakilang bagay na ito sa Kanya, para sagutin Siya sa tanong na ito, "Panginoon, kanino po kami magsisi paroon?"

26 Sinabi ni Jesus, "Ngayon, kung—kung gusto n'yong umalis kasama nung pitumpu, malaya kayo, sige't sumama lang kayo at umalis na rin."

27 Pero sabi ni Pedro, “Saan kami paroroon? Kanino pa kami magsisiparoon? Yamang Ikaw lamang ang may Salita ng Buhay na Walang Hanggan.” Wala ngang iba pa ang nagtataglay Nito kundi Siya lang. At si Pedro’y nakasa-kasama na Niya nang matagal-tagal na rin, at nasaksihan ang Kanyang mga himala’t mga tanda, at mga kababalaghan buhat sa Diyos, at nakilala na ’yun ang Katotohanan, na taglay ni Jesus ang Salita ng Buhay na Walang Hanggan.

28 Oh, kung makakasama lamang natin Siya nang sapat na panahon para mapagkilala ’yun, na Siya lamang ang mayroong Salita ng Buhay na Walang Hanggan.

29 Ngayon ano nga ’yung taglay ni Jesus na ibang-iba sa iba? Bakit Siya iba sa rabi? Ang rabi ay isang saserdote. Siya nga’y tagapagturo, isang iskolar. Marahil, sa edukasyon ng mundo, malayong-malayo ang narating niya kumpara kay Jesus.

30 Wala nga tayong tala na nagsasabing pumasok si Jesus sa anumang paaralan, o natuto man mula sa sinumang tao. Di Niya ’yun kailangan. Siya ang Anak ng Diyos. Inihayag Yun sa Kanya, mula sa Langit, kung ano mismo ang gagawin. At itong Makalangit na kapahayagan na ito’y nagdulot ng ganoon na lamang na pagkilala sa mga alagad, na anupa’t nasabi mismo ni Pedro, “Kanino pa kami magsisiparoon, para masumpungan lamang Ito?”

31 At kung papaano ’yun noo’y ganun na ganun ’yung katotoo sa gabing ito. Saan pa ba tayo paroroon para masumpungan Ito kung di tayo lalapit sa Kanya?

32 Ngayon, may nailista po ako rito, sa kapirasong papel, na pitong kadahilanan, o pitong mga bagay, na, mga dahilan kung bakit kinakailangan nating pumaroon kay Jesus. Gusto kong mangusap sa pitong bagay na ito sa susunod na dalawampu o tatlumpung minuto, bago tayo manalangin sa mga maysakit.

33 Haya’t, ano kaya ’yung, taglay ni Jesus, na kakaiba? Bakit nga ba Siya lamang ang nag-iisang ’yun?

34 Unang-una, sinabi ni Jesus. “Ako ang Daan.” Ngayon, iisa lang ang Langit, at iisa lang ang Diyos, at iisa ang Daan para makadako Roon. Wala pong maraming daan, mangyaring iisa lang ang Daan para makadako Roon. At sinabi ni Jesus, “Ako ang Daan na ’yun.”

35 Ngayon, ang ginagawa nga nati’y gumagawa tayo ng iba’t ibang daan. Pinagpipilitan nating sabihin na may iba pang mga daan. Haya’t may daan tayo sa pamamagitan ng kredo, at ’yun ang tinutugaygay natin. Marami sa atin, sa mga kaiglesyahan, haya’t may kung anong kredo tayo na ating—ating sinusunod. At marahil ayos lang naman ’yun, kung ipantatakip na dahong-igong lang.

36 Pero kung ang nilalayon n'yo ay makapunta sa Langit, ang kinakailangan n'yong tahakin ay pumaroon sa pamamagitan ni Jesus, dahil Siya ang Daan. Wala nang ibang daan ang uubra, papunta sa Langit, sa pamamagitan lamang ni Jesus.

Haya't may mga daan tayo na ang tawag nga natin, "Ating denominasyon."

Magtatanong kayo sa isang tao, sa panahon ngayon, "Isa ka bang Cristiano?"

"Oh, isa akong Methodist."

"Isa ka bang Cristiano?"

37 "Isa akong Baptist. Isa akong Presbyterian. Pentecostal, o Nazarene, o parang ganun." Di naman 'yun ang tanong.

38 Para maging isang Cristiano, kinakailangan mong mapasa kay Cristo. At may nag-iisang daan lang para makaparoon kay Cristo, at di 'yun sa pamamagitan ng mga kredo o mga iglesya, kundi sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Haya't kinakailangan nating maipanganak na muli. At sa sandali na tayo'y maipanganak na muli, mangyaring nakay Cristo tayo. At kung kayo ay nakay Cristo, kayo'y nasa Daan, dahil Siya ang Daan.

39 May isang lalaki, minsan sa Biblia, na si Jesus, sa Kanyang kilalang talinghaga, ay isinaysay. Na, ang sabi Niya may isa raw mayamang lalaki, at naghanda raw ang lalaki ng hapunan para sa kanyang anak na lalaki, na isa nga 'yung paghapon sa kasalan. At nag-anyaya ang lalaki ng mga tao para pumunta. At habang ang hapunan ay nakahanda na't ang lahat ay handa na talagang mahainan, lahat ng mga naanyayahan ay nakaupo na roon. At dun sa may dulang ay may nakita dung isang lalaki na di nakasuot ng damit pangkasal.

40 Ngayon, marami sa mga nagbabasa ng Biblia ang pamilyar na pamilyar na sa Kasulatan na ito.

41 At sinabi nung hari sa lalaking ito, "Kaibigan, bakit ka narito na di man lang nakasuot ng damit pangkasal?" Tinanong 'yung tanong, "Bakit ka naparito na di man lang nakasuot ng damit pangkasal?"

42 At napansin n'yo, sinabi ng Biblia, na, "Di siya nakasagot." Wala siyang maikakatwiran.

43 Ngayon, nagkaroon po ako ng pagkakataon na makabisita sa mga dakong Silangan at makasaksi ng Silanganing kasalan. Di 'yun nagbago. Yun pa rin ang siya ring mga kaugalian, nang libo-libong taon.

44 Ngayon, kapag may hapunang kasalan na inihahain, bilang pagkilala sa isang tao, naglalaan ang ikakasal na lalaki ng mga balabal na kasuotan para sa lahat ng mga taong papasok, dahil ang mga kaibigan niya'y mayroon dung mahirap, mayaman, at

iba-iba. Mangyari ngang ang lahat ng kanyang iimbitahan, ay binibigyan ng imbitasyon, at sa imbitasyong 'yun ay nakalagay dun 'yung pangalan nung lalaking ikakasal. At dadalhin nung naimbitahan ang kanyang imbitasyon sa may pinto. At may—may tauhan na tatayo sa may pinto, at may dala siya roong mga kasuotan.

⁴⁵ Kaya, sa pagdating halimbawa ng isang tao't, nadadamitan siya ng mamahaling kasuotan, at dadamitan siya nung tauhan ng regular na balabal, isusuot dun sa tao. Darating 'yung isa na namang tao, karaniwan lang ang suot, hindi naman ganoong kapangit, pero haya't dadamitan siya nung siya ring balabal na ipinasuot dun sa mayaman. At tapos darating 'yung kasunod na isa na namang tao, oh, di nga kaila, na naimbitahan din siya sa hapunan, at dahil iniisip niya na magiging kaaya-aya 'yun sa kaibigan niya na nag-imbata, na anupa't nilabhan niya nang maigi 'yung damit niya at, oh, talagang nag-abala na maihanda niya ang kanyang sarili, pero 'yung pag-aabala niyang 'yun ay sayang lang pala.

⁴⁶ Kaya ganoon nga, na tayo, wala tayong magagawa sa bagay na 'yun. Ang Diyos ang naglaan ng atin mismong pagliligtas sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At di 'yun nakabatay sa kung ano man ang kaya nating gawin, o gaano mang karaming mabuting bagay ang ating kayang gawin. Na, ayos lang naman, wala po tayong masasabing masama laban diyan. “Kundi sa biyaya ay kayo'y naligtas, sa pamamagitan ng pananampalataya.”

⁴⁷ At kaya naman 'yung mahirap na tao'y makatatanggap siya nung siya ring uri ng balabal na ipinasuot dun sa mayaman at dun sa isa pa. Kaya naman, sa pagkakaupo nila sa may dulang, lahat sila'y pare-parehas ang itsura.

⁴⁸ Ngayon, ano ngang nangyari sa lalaking 'yun, ano kayang nangyari sa kanya? “Siya'y di makasagot,” dahil pumasok siya roon sa pamamagitan ng bintana, o pumasok sa gilid na pinto, o pumasok sa kung anong daan imbis na dun sa inilaang daan para sa kanya. At di siya tuloy nasuotan ng balabal.

⁴⁹ Ganyan na ganyan ang mangyayari sa Araw ng Paghatol. Haya't may ibang mga daan. May daan sa pamamagitan ng iglesia. May daan sa pamamagitan ng mga kredo. May daan sa pamamagitan ng—ng iba't ibang bagay. Pero sinabi na mismo ni Jesus, “Ako ang Daan.” San Juan 10, sinabi Niya, “Ako ang pintuan sa kawan.” At samantalang ang mga tao, sa panahon ngayon, kung papaano nga sila sa panahon noon, sadya bagang tumatangi sila na 'yun ang tahaking daan. Ang gusto nila'y ang sarili nilang daan. Iniisip kasi nilang uubra din 'yun.

⁵⁰ Dito di pa katagalan, sa pagkakaalala ko'y nangyari ito sa Louisville, may isang kabataang lalaki. At may problema siya sa isa sa mga tainga niya. Buweno, nagpunta siya sa kanyang doktor, at inobserbahan siya ng doktor ng mga ilang sanglinggo

rin. At lumala 'yun. Mangyaring sa huli, ang sabi nung doktor, "Sige't kinakailangan na kitang ipadala sa isang espesyalista."

⁵¹ At nung suriin nung espesyalista ang kaso, mangyaring isa pala 'yung problema na mahirap lang 'yung medikal na termino nun. Na, sa palagay ko, kung gusto kong alamin kung ano 'yun, kung gusto kong masabi 'yun, kakailanganin kong isulat 'yun, at mag-ensayo nang isang oras, para lang mabaybay 'yun. At di n'yo rin malalaman kung ano 'yung sinabi kong 'yun kapag naibaybay ko na o nasabi na, dahil di ko rin naman alam kung ano talaga 'yun, sa simula't sapul. Pero isa ngang problema 'yun sa tainga, na maaaring ikakitil ng kanyang buhay. At sabi nung doktor, "Masyadong malala na ang kaso. At wala akong kakilalang iba pa na makapagsusuri pa nang mas mabuti sa kasong 'yun, para makita kung 'yun ba talaga 'yun o hindi, haya't may isang tao lang ang makapagsasabi kung ano talaga 'yun na nakatira sa St. Louis, isang doktor."

⁵² Kaagad na nagpunta ang lalaki sa St. Louis. Yung doktor pala'y retirado na't naninirahan na sa New Orleans. Isa siyang tubong Timog, kaya nakabalik-bayan siya sa New Orleans. Yung lalaki'y sumakay ng eroplano, dali-dali, at nagmadaling nagpunta sa New Orleans. Sinuri 'yun nung doktor, ang sabi, "Tama ang pagkakasuri nila rito, iho, at malubha na talaga."

⁵³ At sabi nung kabataang lalaki, "Doktor, maaari bang ikaw ang mag-opera?"

⁵⁴ Sabi nung doktor, "Hindi maaari, iho. Di ko kayang gawin. May panginig na ang mga kamay ko." Sabi niya, "Pero, wala nga akong ibang kilala't may isang lalaki lang, sa buong mundo, ang may kapasidad na gawin ang pag-ooperang ito." Sabi niya, "ang lalaking ito'y nasa New York City ngayon, pero papunta siya ngayon sa anim na buwang bakasyon sa Europa. At di ko lang alam kung magagawa mong abutan siya; at kung abutan mo man siya, di ko lang alam kung gagawin niya ang pag-oopera. Siya lang ang tanging lalaki na alam ko, na ang bihirang sakit na ito'y, magagawa niyang operahan. At di ka maaaring magpa tumpik-tumpik. Mamamatay ka sa loob ng anim na buwan."

⁵⁵ Sabi niya, "Tawagan mo po siya sa telepono. Tawagan mo siya. Gawin n'yo po. Ayaw ko pang mamatay. Kontakin mo po siya agad, kung maaari." At natawagan nila ang doktor at ang doktor nama'y pumayag na gawin ang pag-oopera.

⁵⁶ Ngayon, nung kinakausap na nung kabataang lalaki 'yung matandang doktor, at nabanggit niya sa kanya kung ano ang problema, at mangyaring may iisang tao lang pala ang may kakayahan na gawin ang pag-oopera. Yung kabataang lalaki'y di tumingin dun sa matandang doktor, di gaya ng ilang mga tao na mapapatingin sila sa isang ministro na sinasabi lang naman niya sa kanila na si Jesus lang ang tanging daan para maligtas. Di nga tumingin 'yung kabataang lalaki sa doktor na 'yun, na

sasabihin, “Mainam po ’yang sinabi mo, doktor. Nasiyahan nga ako sa sinabi mo. Sige po’t babalik uli ako para makapakinig uli sa iyo, sa iba uling pagkakataon.”

⁵⁷ Ngayon, ganyan nga ang inaakto ng mga tao pagdating sa pagiging Cristiano. Pero kung mapagtatanto n’yo lamang na kamatayan mismo ang tanggihan ang Daan na ’yun. Yan ang dahilan kung bakit sinabi ni Pedro, “Kanino kami paroroon? Mangyaring Ikaw lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. Ikaw lamang ang Isa na ’yun, ang tanging Daan na inilatag ng Diyos, at ’yun ang Buhay na Walang Hanggan.”

⁵⁸ Ngayon, dapat nating alalahanin na Siya mismo ang Daan. At kung kayo’y naroon kay Cristo, paroroon kayo kay Cristo sa pamamagitan ng muling pagkasilang kay Cristo. Ngayon wala ngang dahilan para sabihin sa mga tao ang tungkol sa Daan, at kung ano ang Daan na ito, kung di rin lang n’yo sasabihin sa kanila kung papaano sila makatatahak Dito. Ngayon, kayo’y naipanganak kay Cristo. Kayo’y naging bahagi Niya. Kayo’y naging bagong nilalang, o isang bagong nilikha, kapag kayo’y naipanganak sa Kaharian ng Diyos. Kayo’y nagiging kabahagi mismo ni Cristo.

⁵⁹ Noong maipanganak nga ako sa pamilya Branham, ako’y naging Branham sa pamamagitan mismo ng kapanganakan. Sa ganyang paraan nga kayo nagiging kabahagi ni Cristo. At ang daan para makadako sa Daan, ay sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan. Ganoon nga. Sa ganoong paraan kayo maka paparoon sa Daan. At sinabi ni Jesus, “Ako ang Daan.” Maaari nga tayong maglumagi rito’t pagbulayan ito nang matagal.

⁶⁰ Pero ang kasunod na bagay pa tungkol sa Kanya, ay Siya ang Katotohanan. Wala ngang anumang bagay o sinumang iba ang may taglay ng Katotohanan kundi Siya.

⁶¹ Oh, alam ko na may mga tagapagtaguyod tayo ng relihiyon, sa panahon ngayon, na humahayo-hayo’t nagsasabi, “Buweno, ngayon, kami ang Katotohanan. Nasa amin ang Katotohanan.” Magpupunta tayo sa isang iglesya, sasabihin nila, “Aba’y nasa amin ang Katotohanan.” Magpupunta tayo sa kabilang iglesya, sasabihin nila, “Heto ang mga kredo namin, aba’y taglay namin ang Katotohanan.” Magpupunta tayo sa isa na naman, “Taglay namin ang mga katesismo nang sinaunang panahon. Nasa amin ang Katotohanan.”

⁶² Sinabi ni Jesus na Siya ang Katotohanan, kaya di n’yo maaaring taglayin ang Katotohanan hanggang sa taglayin n’yo muna si Jesus. Papaano n’yo Siya matataglay? Sa pamamagitan ng muling kapanganakan. Mangyaring di kayo makataglay ng Katotohanan hanggang sa taglayin n’yo muna si Jesus.

⁶³ Di nga kayo maaaring, nasa Daan kayo, hanggang sa kayo mismo’y mapadako kay Jesus. Papaano kayo dadako sa Kanya? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu’y binautismuhan tayong

lahat sa iisang Katawan.” Pagkatapos n’yan ay naroon na kayo kay Jesus. Pagkatapos ay naroon na kayo sa Daan. Pagkatapos ay naroon na kayo sa Katotohanan. Sinabi ni Jesus, “Ako ang Daan, ang Katotohanan.”

⁶⁴ At isa pang bagay, ikatlong bagay, si Jesus, sa atin ngang paglapit sa Kanya, Siya ang nag-iisang Liwanag na mayroon. Ganoon nga. Oh, gusto nating maiba roon nang kaunti, pero ’yun po talaga ang katotohanan. Si Jesus ang tanging Liwanag na mayroon.

Sasabihin n’yo, “Ako’y nasa liwanag ng Russellite, liwanag ng Campbellite.”

⁶⁵ Anuman kayo, huwad na liwanag ’yan. Maaaring naroon kayo sa liwanag ng iglesyang Russellite. Maaaring naroon kayo sa liwanag ng iglesyang Campbellite, o sa kung anong “liwa-liwanag” na iglesya. Pero hanggang sa makaparoon ka mismo kay Jesus, ay wala nga kayo sa Liwanag. Naroon pa rin kayo sa kadiliman. Di nga kayo magtataglay ng Liwanag maliban na makalapit kayo sa Kanya. Dahil Siya ang Daan, Katotohanan, at Liwanag, at ang tanging daan patungo sa Diyos. “Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.” Kaya, kung di kayo makadako sa Diyos, di kayo makadadako sa Langit.

⁶⁶ Kinakailangan n’yong makaparoon mismo sa Daan, at si Jesus ang Daan na ’yun. Siya lang ang tanging Katotohanan na mayroon. At Siya lang ang nag-iisang Liwanag, ang nag-iisa’t tunay na Liwanag. Ang tanging tunay, na nahayag na Liwanag ay si Jesus Cristo. May liwanag tayo ng Mormon. May liwanag tayo ng Methodist. May liwanag tayo ng Baptist. May liwanag tayo ng Pentecostal. Mayroon tayong sari-saring mga liwanag, pero si Jesus ang tunay na Liwanag. Siya lang ang tangi’t nag-iisang Liwanag.

⁶⁷ Tayo ang mga anak. Kung tayo’y naipanganak na muli, tayo ang mga anak ng Araw.

⁶⁸ Ang mga anak ng sanlibutan ay lumalakad sa kadiliman. Lumalakad sila sa panglaw ng gabi. Gustung-gusto nila ang kadiliman. Sinabi ng Biblia, na, “Mas iniibig ng tao, iniibig ng tao ang kadiliman kaysa sa iniibig nila ang liwanag, sapagkat inilalantad ng liwanag ang kanilang mga gawa.”

⁶⁹ Sige’t hayaan n’yong sumikat lang ang araw, at ang bawat matandang butiki, bawat matandang kulisap, mga insekto ng kaharian ng kadiliman, na gumagapang kapag gabi, sila nga’y magsisitago sa silong sa kung anong bagay. Ganoon na ganoon din ang nangyayari kapag ang Liwanag mismo ng Ebanghelyo ay nagsisimulang suminag, bawat masamang gawa’y hahanap at hahanap ng bagay na magagapangan nila’t mapagtataguan. “Oh,” sasabihin naman nila, “may—may liwanag naman kami, dahil nabubuhay kami—kami sa panglaw ng gabi.” Kung kayo nga’y lumalakad sa liwanag ng panglaw ng gabi, lumalakad lang

kayo sa ilalim ng artipisyal na liwanag. May isa lamang tunay na liwanag ng araw. Yun ang liwanag na galing sa araw.

⁷⁰ Nag-iisa lang ang tunay na Cristianong Liwanag, at 'yun ang Liwanag ng Anak ng Diyos. Siya ang nag-iisang tunay na Liwanag. Oo.

Sa Kanya ay Buhay, na, kung papaanong sintiyak na ang liwanag na galing sa araw ay nagbubunga ng liwanag.

⁷¹ Ang lahat ng buhay botanika ay ibinubunsod ng liwanag na galing sa araw. Hayan nga ang nagdaang taon, at kung paano mismong nagyelo ang buong taglamig at lahat na. Pero nung mismong sandali na nagsimulang lumukob ang araw sa ibabaw ng lupa, anong nangyari? Umusbong ang bagong buhay, bago.

⁷² Kau-kausap ko ang isang lalaki, si G. Wood diyan sa may likod kanina. Naroon kami noon sa Kentucky. Nakatagpo ko ang isang lalaki at siya nga'y isang lalaki na di naniniwala sa Diyos. Nabalitaan ko na kapapanaw lang pala nung lalaki. At siya, si G. Wood, pinuntahan niya 'yung lalaki't tinanong kung puwede ba kaming makapangaso ng squirrel sa lugar niya. Ang sabi nung lalaki, "Sige, puwede kayong mangaso ng squirrel, Banks. Sige lang."

Sabi niya, "Isinama ko po ang pastor ko."

⁷³ Ang sabi nung lalaki, "Huwag mong sabihin sa akin na haya't nagpakababa ka na nang husto, Wood, na lagi ka nang may kasa-kasamang mangangaral sa tuwina?" At sabi niya . . .

⁷⁴ Bumaba ako ng kotse nung mga sandaling 'yun at lumapit dun sa kanila. At may puno ng mansanas dun, siya at 'yung matandang lalaki'y nakaupo sa ilalim nun. At tapos ay may pinulot akong isang mansanas at sinimulan kong kainin 'yun. At kinakausap niya ako. At aking ipina- . . . Ipinakilala ako ni Kapatid na Wood sa kanya. Na . . . Sabi, "Ito nga po pala ang pastor namin."

⁷⁵ Tapos sabi ko, "Kumusta po kayo, ginoo?" At nakipag-usap ako sa kanya nang kaunti at sinimulan niyang ikuwento 'yung tungkol sa, buweno, na di raw siya nagpupunta sa simbahan, at di nga niya ako nakilala dahil parang di niya narinig na pastor pala ako.

Sabi ko, "Oh, ganoon pala, di kayo nagpupunta." Hinayaan ko lang siyang magkuwento pa nang kaunti.

⁷⁶ At pagkatapos ng ilang sandali, sabi niya, "Alam mo may isang mangangaral noon na nagpunta rito sa Campbellsville, o dito sa Acton, sa isang maliit na bayan, sa may campground ng mga Methodist." At sabi, "Yung mangangaral na 'yun ay di pa siya nakagagawi sa dakong ito noon. At isang gabi habang naroon siya't nangangaral, sa tatlong-gabing pagtitipon na 'yun, tumanaw siya dun sa mga tao, at may nakita siyang babae na nakaupo sa isang dako roon, at sinabi sa babae na 'yung babae

ay nananalangin para sa kanyang kapatid na babae na nakatira rito sa isang burol, na mamamatay na raw dahil sa kanser. Sabi, ‘May panyo ka riyan sa may bulsa mo.’ At sabi, ‘Dalhin mo ’yang panyo na ’yan at ilapat ito sa babae, at siya nga’y gagaling.’”

⁷⁷ Sabi, “Nung umaga ring ’yun, ang maybahay ko’t ako’y umakyat dun noon.” At sabi, “Haya’t kami pa ang tumulong na ’yung matandang babae’y makabaling siya sa kinararatayan niya. Yung babae nga’y di siya nakakaalis nang higaan nang halos dalawang taon, o higit pa. Kanser sa tiyan. Ni ’yung tubig ay di makapanatili sa tiyan niya.”

⁷⁸ At ang sabi, “Yung kapatid na babae’y tumayo mula sa pagtitipon, at umuwi nung gabing ’yun, at nagpunta’t inilagay ’yung panyo na ’yun sa ibabaw nung babae.” At sabi, “Nung sumunod na umaga, hayan nga ang babae na nagluluto na ng itlog, at tocino, at naghahanda ng almusal, at nakakakain na.”

⁷⁹ At sabi, “Hayan nga ’yung babae na mabuti ang kalagayan hanggang ngayon. Tatlo o apat na taon na ang nakararaan, at,” sabi, “mabuti pa rin ang kalagayan nung babae.”

⁸⁰ Sabi niya, “Ngayon, kung ’yung mangangaral na ’yun ay mapapadako siya uli sa bayan na ito, makikinig ako sa kanya.” Sabi, “Dahil, nakapagbunsod siya ng isang bagay na pinaging higit pa ’yun sa basta kumpol lang ng mga salita na mababasa. Nagpakilala nga ’yun ng isang bagay na nabubuhay at buhay. Papaano kaya nalaman nung mangangaral na ’yung babae’y sa ibabaw ng burol nakatira?”

⁸¹ Napatingin ako kay Kapatid na Wood at isinenyas ko ang ulo ko. At nakatayo nga ako roon, punung-puno ng putik, at may dugo-dugo pa ng squirrel, at lahat na, na nakuha ko sa pangangaso. Wala ngang kaide-ideya ’yung lalaki na ako pala ’yung lalaki na nangaral dun noon. Kaya tumayo siya—siya dun nang kaunti pa, o nanatiling nakaupo roon, pala.

⁸² Tapos sabi ko, “Ginoo, ang ibig n’yo po bang sabihin, kung makakakita ka ng isang bagay na animo’y sa Diyos, na mistula ngang ang Diyos ay gumawa ng isang bagay na sobrenatural?”

⁸³ “Oh, tama,” sabi niya, “mapapaniwala ako nun.” Sabi ko, “Ganoon po, ba.” Sabi ko, “Gaanong katanda na po ba itong puno ng mansanas dito?”

⁸⁴ Sabi niya, “Siguro’y mga tatlumpung taon na. Ako ang nagtanim n’yan diyan, nang mga ganito at ganoong taon na.”

Sabi ko, “Bawat taon ay nagdadahon ito, nagbubunga ng mga mansanas?”

“Oo.”

⁸⁵ Sabi ko, “Heto nga po na nasa kalagitnaan na tayo ngayon ng Agosto. Pero wala naman tayong senyales ng pagniniyebe o malamig na simoy man ng hangin.” Sabi ko, “Wala nga tayong ganoong klima, ano’t anuman, panay mainit na tag-init lang. At

kaya sabihin n'yo po sa akin kung bakit, paano, na 'yung mga dahon ay nalalagas mula sa puno na 'yan?"

Sabi niya, "Yung dagta kasi'y bumabalik na sa ilalim ng lupa."

⁸⁶ Sabi ko, "Kung di 'yun makababalik, ang ibig sabihin ba'y itong puno na ito'y mamamatay sa panahon ng taglamig?"

⁸⁷ "Tama 'yun. Kung mananatili ang dagta sa puno, ang puno nga'y mamamatay. Kaya kinakailangan nung dagta na bumaba sa mga ugat at magkubli roon."

⁸⁸ Sabi ko, "Sige po't sabihin mo sa akin kung ano mismo ang nagbubunsod dun sa dagta, na heto tayo sa kalagitnaan naman ng tag-init, ano kayang karunungan ang nagbubunsod dun na bumaba't pumunta sa mga ugat, para mabuhay hanggang sa matapos ang taglamig, na babalik muli sa kasunod na tagsibol, para magpasibol uli ng panibagong bunga ng mga mansanas. Sinasabi ko nga sa iyo, na 'yun mismo ang siya ring Espiritu na 'yun na nagsabi sa akin na sabihin dun sa babae na magpunta siya't ilagay ang panyo na 'yun sa ibabaw ng kapatid na babae. Ang siya ring Diyos na 'yun."

Sabi niya, "Ikaw pala ang mangangaral na 'yun?"

⁸⁹ Sabi ko, "Opo, ginoo, ako nga 'yun." Sabi ko, "Kita mo po, hinahanap mo 'yung bagay na 'yun sa isang pagtitipon, pero ang Diyos pala'y nariyan na mismo sa palibot mo lang, sa lahat ng dako. Hinding-hindi mo maiwasang di Ito makita. Sige't masdan mo lamang ang kalikasan."

⁹⁰ Ngayon, may mga tao na marahil tatangi na lumakad sa liwanag ng araw. Ano kaya kung mayroon ngang ganoong tao? Na magsasabi, "Oh, di naman sumisinag ang araw. Hindi, po. Di ako naniniwala riyon." Tapos tatakbo dun sa silong na silid ng bahay niya. Sasabihin, "Lalabas lang ako kapag madilim na. Kapag lalabas ako. . ." Tinatanggihan niya ang tulong na nanggagaling sa araw. Buweno, kung ganoon ang ginagawa niya, haya't—haya't sariling kamangmangan niya ito. Yun nga 'yun. Sumisinag naman ang araw. May magpupunta nga sa may bintana't sisigaw, "Lumabas ka, John. Sumisinag ang araw."

⁹¹ "Ayaw kong maniwala sa walang kapararakang bagay na 'yan. Pagkapanatiko lang 'yan." Ngayon, mapapalampas niya talaga ang init ng araw. Mapapalampas niya ang nagbibigay-buhay na mga sinag na pinasisinag nito. Mapapalampas niya ang kariktan na ipinapakita nito, at ang buhay na ibinibigay mismo nito.

⁹² Ganyan na ganyan ang estado, ng isang lalaki o babae na pinagpipilitang makadako sa Langit sa pamamagitan ng isang kredo, pinagpipilitang makadako sa Langit sa pamamagitan ng isang iglesya, na wala si Jesus. Hinding-hindi uubra 'yan. Siya ang Daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag.

93 Kung papaanong tiyak na ang a-r-a-w ay nagpapausbong ng lahat ng halamang-buhay, ang A-n-a-k ay magpapausbong ng Walang Hanggang Liwanag. Siya lamang ang mayroong Walang Hanggang Liwanag. Yan nga ang dahilan kung bakit kailangan nating pumaroon sa Kanya. Kung sa pamamagitan ng iglesya ay mapapalampas natin ito. Kung sa pamamagitan ng kredo ay mapapalampas natin ito. Talagang ang pagparoon lamang sa Kanya at dun tayo makasusumpong ng Liwanag na Walang Hanggan. Sa Kanya lamang. Sinabi ni Pedro, “Ikaw lamang ang Isa na taglay Ito. Yan ang dahilan kung bakit kami naparito. Lumalapit kami sa Iyo, para tanggapin Ito.”

94 Ngayon, masdan n’yo mismo kapag ang liwanag ng araw na ’yan ay nagsisimulang suminag, hayan nga’t, walang—walang kahit anong binhi na naroon sa lupa na anupa’t mabubuhay at mabubuhay talaga sila. Di nito mapipigilan.

95 Maglagay kayo ng lakaran sa gilid sa daraanan mo, o diyan mismo sa dinaraan mo, buhusan mo ng semento, gawin mong apat na talamapakan ang lapad nun. At hayaan mong sinagan ’yun ng araw, at ’yung damo-damo ay uusbong, saang dako nga uusbong ang mas maraming damo? Doon mismo sa gilid-gilid nun. Ano ’yun? Dahil sa mga ugat. Di mo ’yun maitatago mula sa araw. Kapag suminag ang araw, ’yung maliliit na mga ugat na ’yun ay magsisikap silang humanap ng malulusutan kahit pa sangdaang yarda, kung kinakailangan, at uusbong at uusbong sila. Yan ’yung damo na nasa ilalim ng lakaran. Yun nga mismo ’yung nasa ilalim nun dun, kapag sumisinag ang liwanag. At kapag sumisinag ang liwanag, umuusbong ang buhay.

96 At kapag ang Anak ng Diyos ay sisinag sa puso, uusbong ang Buhay na Walang Hanggan.

97 “Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag.” Yan ang tatlong kadahilan kung bakit tayo dapat na magsiparoon.

98 Ang ikaapat, ay, si Jesus ang tanging ligtas at matatag na Pundasyon para sa bagay na itatayo sa ibabaw nun. Siyanga. Yun lang ang tanging Pundasyon na mapagtatayuan. Lahat ng iba pang pundasyon ay gumuguhong buhangin.

Kay Cristo sa matatag na Bato ako nakatayo.

Ang lahat na ng ibang tayo ay buhanging gumuguhu.

99 Maraming tao ang nagtatayo sa ibabaw ng kayamanan. Kumakayod sila sa pagtrabaho, tinitingnan kung gaanong karaming pera ang kikitain nila. Sinasabi nila, “Di ko man magastos ang lahat ng ito, magagamit naman ng mga anak ko, na susunod sa akin.” Anong ibinubunsod nun? Humahantong nga pabalik sa pagiging alipin. Nagiging alipin kayo ng inyong pera. Maraming tao ang di siguro. . . Di mo kailangang maging milyonaryo para maging alipin. Yung pagnanasa mo sa pera, at nagkakasala ka na rin katulad ng isang milyonaryo. Kita n’yo?

Marami-raming sinsilyo-naryo, kung papaano ngang maraming milyonaryo, ang paroroon sa impyerno. Dahil, naroon 'yun sa iyong ikinikilos sa bagay na 'yun, na ibinigay sa iyo ng Diyos. Ngayon, kung itatatag mo 'yun sa ibabaw ng kayamanan, tiyak na babagsak ito.

¹⁰⁰ Mangyari ring may malaking bagay na itong Amerika'y nagsusubok magtayo sa ibabaw nun. Sinusubukang magtayo sa ibabaw ng pundasyon ng kasikatan. Mga kabataang babae, mga kabataang lalaki, tinitingala nila ang mga taong ito, mga artista sa telebisyon, mga artista sa pelikula, mistula bang ginagaya ang kilos nila, nananamit katulad nila, ginagaya ang galaw nila. Anong ibinubunsod nun? Humahantong nga sa isang sirang buhay na panay kaguluhan. Ito'y pawang uhay at dayami lamang, na susunugin sa Paghatol.

¹⁰¹ Si Jesus lamang ang tanging Pundasyon, ang tanging tiyak na Pundasyon. Yan ang dahilan kung bakit kinakailangan nating pumaroon sa Kanya. Walang iba ang may Pundasyon na gaya nun. Wala Nito ang kayamanan. Wala Nito ang kasikatan.

¹⁰² At, sa panahon ngayon, napakarami nating pundasyon na pinagtatayuan. Oh, ang gusto kasi natin. . . hayan mismo tayo na. . . wala po tayong magagawa bilang Amerikano; Linggong-Linggo pero sa araw pang 'yan sila—sila magtatayo ng bakod; kinakailangan daw nilang gawin *ito*. Ano itong ginagawa n'yo? Napag-uunawa n'yo ba? Yang itinatayo n'yo ay liliparin lang at magkaka pira-pirasos rin, balang araw. Ang pundasyon kasi na 'yan ay buhanginan na natitibag.

¹⁰³ Marami sa atin, nagtatayo sa ibabaw ng edukasyon. Wala nga tayong sapat na mga guro para pumasok sa eskuwelahan, gaya ng naipangusap na natin noon. Ngayon, ayos lang naman 'yun. Ayos lang ang eskuwelahan, sa lugar nito, pero hinding-hindi ito maaaring ipagpalit sa lugar ni Cristo. Hinding-hindi, po. Ngayon heto tayo. . . Di tayo makakuha ng mga guro. Ang mga kabataan natin na disi ang edad ay napaka salbahe, na wala tayong makuhang mga tao na maglalakas-loob man lang na turuan sila. Yang munting mga Oswald at—at—at mga Les, at lahat sila, patatalsikin nila ang guro palabas ng gusali. Mag-oorganisa sila ng protesta. Mag-aaklas sila. Ipasasara nila ang eskuwelahan. Di ko masisisi ang mga guro, maging ako'y di ko nanaisin na maging guro sa paaralan, siyanga, kung ganyan din na patatalsikin ako roon.

¹⁰⁴ Pero ang pinag-uusapan natin dito'y tungkol sa edukasyon. Ngayon, ayos lang naman 'yun, edukasyon. Hindi naman natin gusto na sangkumpol tayo rito ng mga di marunong magbasa, pero ang gusto nati'y manatili ang edukasyon sa lugar nito. Pero ang problema nga, sa panahon ngayon, sinusubukan natin na ipairal ang edukasyon sa pulpito natin. At kapag 'yan ang ginagawa natin, inaalas natin ang Daan. At samantalang si

Cristo ang Pundasyon at ang Daan na 'yun. Kapag inilalagay na natin ang edukasyon . . . Ayos lang naman ang edukasyon.

¹⁰⁵ Pero, pakinggan n'yo, humahantong nga ang edukasyon sa demonyo ng edukasyon. At pagkatapos ay inihahantong kayo ng demonyo ng edukasyon na 'yan sa pagiging alam-lahat. At sa paghantong n'yo dun, haya't di na kayo naniniwala sa Diyos, at itinatangi na si Cristo. Kaya hindang-hindi kayo maaaring magtatag sa ibabaw ng pundasyon ng edukasyon.

¹⁰⁶ Sa ganoon din ay di tayo maaaring magtatag sa ibabaw ng kapangyarihang politikal. Sasabihin n'yo, "Pero, 'yun, 'yun ang pinagkaka-interesan ko. Isa akong Democrat. Isa akong Republican. Isa akong . . ." Parehong bulok ang dalawang partido na 'yan.

¹⁰⁷ Nag-iisa lang ang Pundasyon. Kay Cristo kayo magtayo. Itong bansang ito'y di nito kailangan na magtayo sa kung ano pang ibang pundasyon kundi kay Cristo lamang. Siyanga. Wala ngang ibang pundasyon ang inilagak; walang ibang pundasyon, na iyong ikapaparoon sa Langit. Walang ibang pundasyon ang matatag, kundi ang Pundasyon lamang ni Jesus Cristo.

¹⁰⁸ Nito-nito lang, sa New York, nasa sasakyan ako kasama ang isang kaibigan ko, isang ministro. Tapos sabi ko, "Oh, ang taas naman ng gusaling 'yan! Oh!" Sabi ko, "Tingnan mo 'yun. Siguro'y nasa limampung palapag 'yan, o animnapu. Oh! Isang ubod ng laking gusali 'yan. Napaka ganda!" Sabi ko, "Pero, wala namang katao-tao."

Sabi niya, "Wala nga, at di sila magpapapasok diyan."

¹⁰⁹ Sabi ko, "Ano kayang problema?" Binanggit niya sa akin kung magkano marahil ang tinatayang halaga nung gusali, sa milyon-milyon, na ipinantayo nung gusali.

"Buweno," sabi ko, "bakit wala pang lumilipat diyan?"

¹¹⁰ Sabi, "Nung halos matapos na ang gusaling 'yan, na 'yung labas nga'y pulidong-pulido na, at lahat na," sabi, "natuklasan nila na 'yung pundasyon pala'y di tama. Naitayo 'yung gusali sa kung anong batong palso, hindi nga sa tunay na bato, kaya idineklarang mapanganib ang gusali. At kaya isa lang daw ang maaaring paggamitan ng gusali, at 'yun ay para akyatan nung kontratista at tumalon, magpakamatay."

¹¹¹ Kahit na gaano pang kaganda ang itsura ng isang bagay sa labas, walang ibang pundasyon ang ganoong katiyak, kundi ang Pundasyon lamang ni Jesus Cristo. Siya ang tunay na Pundasyon na dapat mapagtatagan.

¹¹² Sa Mexico, isang mainam na siyudad; naparoon ako, mga dalawang taon na ang nakararaan. Kung saan 'yung munting, patay na na sanggol . . .

¹¹³ Tinulungan kong tumayo ang isang lalaki dun sa siyudad di pa katagalan, lasing na lasing 'yung lalaki, tinulungan ko siya

para makatayo. At sabi niya, “Nakita na kita noon na tumayo isang beses, Reverend, Doktor, o parang ganoon po.” Isa raw siyang Katoliko, sabi niya. Tapos sabi, “Ikaw ’yung nagbuhay dun sa munting, patay na batang babae. Ako,” sabi, “mataas talaga ang paggalang ko sa iyo sa tuwina.”

Sabi ko, “Nakikilala mo ba si Jesus?”

Sabi niya, “Isa po akong Katoliko.”

¹¹⁴ Sabi ko, “Di ko naman itinatanong kung saang iglesya ka kasapi. Sabi ko, ‘Nakikilala mo ba si Jesus?’”

¹¹⁵ At ikinuwento ko sa kanya ang tungkol dun sa munting babaing Katoliko na nakatayo mula alas nuwebe ng umaga, hawak-hawak ang isang patay na sanggol sa mga bisig niya, hanggang alas diyes y media ng gabi. Malakas ang buhos ng ulan nung mga panahong ’yun, at kung papaanong binuhay ng Panginoon ang munting sanggol. Di ko muna ipina-anunsyo ang tungkol dun hanggang sa ideklara mismo ng doktor. Sabi, “Namatay ang sanggol.” Idineklara nung doktor na ’yung bata ay, “patay na, ng alas nuwebe ng umaga. At alas diyes y media na ng gabi nung oras na ’yun. At ’yung munting sanggol na ’yun ay buhay mapasa hanggang ngayon, sa abot ng nalalaman ko.

¹¹⁶ Ngayon, at sa siyudad na ’yun, isa nga ’yung napaka inam na siyudad. Pero ’yung mga gusali dun ay parang nagsisimula na silang humilig patalikod, dahil mas inuna nila na kumuha ng modernong arkitekto, para unahin ’yung pagpapaganda’t pagpapagarbo nung gusali. Na, kung sa akin lang ay walang ibang lugar sa buong mundo ang makatatalo dun, sa ganda. Pero nakaligtaan nga nilang humukay nang mas malalim para marating ’yung bato.

¹¹⁷ Yan ang nangyayari sa ating mga kaiglesyahan sa panahon ngayon, kaibigan. Yan na ’yan ang nangyayari sa mga Baptist, Methodist, Presbyterian, Pentecostal, Nazarene. Kinakailangan nating humukay, bilang mga indibiduwal, at hindi dumepende sa ating mga kaiglesyahan. Kinakailangan nating humukay, sa sarili natin, hanggang sa marating natin ang Batong ’yun na sinabi ni Jesus. “Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno ay hindi magwawagi laban Dito.” Siya lamang ang nag-iisa’t tunay na Pundasyon, talaga.

¹¹⁸ Tapos, isa pang bagay, ikalima, kinakailangan kong sabihin ito. Siya lamang ang nag-iisang matagumpay at matibay na kaligayahan at kapayapaan. Yan ang dahilan kung bakit tayo’y lumalapit sa Kanya. Oh, alam ko na puwede naman kayong matawa na parang isang mangmang, o pupunta kayo sa isang dako rito’t matatawa hanggang sa di kayo mapigil sa pagtawa, dahil sa kung anong patawa na sinabi ng isang sikat na artista, o kung ano. O sa isang kasamahan, na siguro’y malalasing kayo nang kaunti, at magtatatawa na parang isang baliw,

pero di nga 'yun magdudulot ng kapayapaan. Walang ibang kapayapaan, walang ibang kaligayahan, na papantay sa paglapit kay Jesus Cristo.

¹¹⁹ Nakakita na ako ng mga taong pinepeke lang nila 'yun. Nakakita na ako ng mga kabataang babae na sinisikap nilang mapansin sila ng mga tao sa paligid suot-suot ang bago nilang mga damit, at kikilos na masaya sila. Pero hindi sila masaya. Ang itinatayo lang nila dun ay apoy na larawang-pinta lang. Di ka makakapag painit sa tabi ng apoy na larawang-pinta lang.

¹²⁰ Nakakita na kayo ng mga kabataang lalaki na para bang iniisip nila na naglalakihan ang kanilang mga braso-braso na kahit subukan mo raw magdiin ng pako sa katawan nila'y di sila magagalusan nun, at 'yung kutsilyo raw ay mayuyupi lang daw 'yung talim nun sa kanila. Palipasin mo lang sa kanya ang ilang mga taon, at siya'y tatanda't mangungulubot. Wala ngang kagalakan na Walang Hanggan sa labas ni Cristo.

¹²¹ Tumingin kayo rito. Ipagpalagay... Sinuman sa inyo rito, sa gabing ito, na ganap na malusog, na ang pamilya n'yo ay ganap na malusog, lahat ng mga nakapaligid sa inyo. Pero papaano naman ang nanay n'yo na wala riyang? Papaano n'yo masisigurado na di na naghihingalo ang tatay n'yo sa sandaling ito? Papaano n'yo masisigurado na ang isa sa mga anak n'yo ay ligtas sa kamatayan, ilang minuto pa lang ang nakararaan, na wala rito? Papaano n'yo masisigurado na walang nangyayaring masama? Papaano n'yo masisigurado na makakalabas ka pa ng gusaling ito sa gabing ito? Maaari ngang bigla na lang kayong matumba dahil sa atake sa puso. Di kayo nakasisigurado. Kaya walang kaligayahan na Walang Hanggang sa labas ni Cristo. Yan ang dahilan kung bakit kinakailangan nating pumaroon sa Kanya.

¹²² Mapasa inyo man ang wiski. Mapasa inyo man ang kalayawan. Mapasa inyo man ang mga bagay-bagay sa mundo. Pero hindi 'yan ang kagalakan na may katagumpayan. Walang anuman ang makapagbibigay ng kapayapaan tulad Niya. Siya ang nagbibigay ng kapayapaan.

“Oh,” sasabihin n'yo, “May kapayapaan ako.”

¹²³ Kung totoong kapayapaan talaga 'yang taglay n'yo, kamit-kamit n'yo nga si Jesus. Pero kung di n'yo kamit si Jesus; hindi n'yo nalalaman kung ano talaga ang kahulugan ng kapayapaan hanggang sa makaparoon kayo sa Kanya.

¹²⁴ Marami na akong nakitang mga tao, mga hari pa nga, mga prinsipe, mga sikat, mga atleta, mga artista sa pelikula, at lahat ng ganoon. Wala silang kapayapaan. Masdan n'yo sila. Tingnan n'yo 'yung mata nila nang ilang sandali. Lipos sila ng kaba. Kita n'yo?

¹²⁵ Walang lalaki, walang babae, walang kabataan, ang may kamit ng kapayapaan sa labas ni Jesus Cristo. “Ang Aking

kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo. Di gaya ng ibinibigay ng sanlibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo.” Kita n’yo? Di gaya ng ibinibigay sa inyo ng sanlibutan na kapayapaan, dahil naroon mismo sa Kanya ang Walang Hanggang kapayapaan, na isang kapahingahang payapa. Na sa mabuhay ka man, sa mamatay man, anupaman ang mangyari’t umulan man o umaraw, may kapayapaan ka, ano’t anuman.

¹²⁶ Gustong-gusto ko nga ’yung dating espesyal na awitin ni Kapatid na Shakarian, hayan nga siya na malaki’t, matangkad, na matandang kapatid na umaawit, “Katulad ng ilog ang kapayapaan na tangan ko, katulad ng ilog ang kapayapaan na tangan ko.” Oh, tama nga ’yun. Kapag may tangan kayong kapayapaan, ang kamit-kamit n’yo nga’y si Cristo. Si Cristo mismo ang kapayapaan n’yo. Kaya ’yan ang rason kung bakit kinakailangan nating pumaroon mismo kay Cristo, para tayo’y makasumpong ng kapayapaan.

¹²⁷ Ngayon, isa pang bagay ang gusto kong banggitin, para sa ikaanim na rason. Siya, o ang . . . Tama. Ang ikaanim na rason, Siya lang ang tanging katagumpayan na panghabang-panahon. Sige’t magsabi kayo sa akin ng kung anong bagay na maaari n’yong taglayin, na maaabot n’yo, na Walang Hanggan, sa labas ni Jesus Cristo.

¹²⁸ Magtayo man kayo ng pinaka mainam na tahanan. Kumita man kayo ng isang milyong dolyar. Kayo man ang maging pinaka sikat na babae sa buong bansa. Pinaka malakas na tao na lumakad sa buong mga lansangan. Makamit n’yo man ang pambuong mundong rekord, ng pagiging pinaka mahusay na boksingero, anuman ’yang naisin n’yo. Tingnan n’yo kung sa paglaon ay di kayo mauwi sa pagkaupos, at sa panghihina at sa pagkamatay. Siyanga. Di nga aabutin ng ilang mga araw lang para magka ganoon.

¹²⁹ Kaya naman, ang tanging Walang Hanggang tagumpay na mayroon, ay si Jesus Cristo. Kung kaya, kung Siya ang pinaka mataas at pinaka mainam na makakamit natin, gawin natin—gawin natin na ’yun ang bagay na dapat talaga nating mithiin. Siguraduhin natin na makakamit natin Siya. Maaaring isa kayong mangangaral, isa kayong pastor, isa kayong diyakono, isa kayong miyembro ng iglesya; pero kung wala sa mithi n’yo na maabot ’yun. . . Marahil ang inaabot n’yo lang ay hanggang dun sa sasabihin n’yo lang, “Di ako titigil hanggang sa maging mangangaral ako. Di ako titigil hanggang sa maging diyakono ako. Di ako titigil hanggang sa maging miyembro talaga ako ng iglesya.” Mainam naman ang mga bagay na ’yan, katangi-tangi. Pero, pakinggan n’yo ito, kapatid, huwag na huwag kayong matitigil na di man lang nakaabot kay Jesus Cristo, o ang ibig sabihin lang ay di kayo nagkamit ng isang Walang Hanggang tagumpay. Dahil, ang pagiging pastor n’yo, oo, ’yang gawain n’yo bilang isang pastor, ’yan ay lilipas din. Yang gawain n’yo bilang

isang diyakono ay matatapos din balang araw. Yang pagiging miyembro n'yo sa isang iglesya ay mawawaglit mula sa isipan ng mga tao, pagdating ng ilang panahon. Pero kung ang inyong naabot ay si Jesus Cristo, kung ganoon ay nakamit n'yo ang Walang Hanggang Buhay, at hinding-hindi na kayo maaaring mamatay.

¹³⁰ Ngayon, panghuli, gusto ko pong sabihin ito. Heto ang isa pang rason kung bakit kinakailangan nating pumaroon kay Cristo. Siya lang ang tanging Isa na taglay ang pagbabago ng katawan. Ako nga'y nagagalak dahil diyan. Oh, pakiramdam ko'y lubos akong pinupuspos dahil dito. Ang tanging Isa Na may kakayahan na magpabago ng katawan. Siyanga, po.

¹³¹ Sinasabi ko nga sa inyo. Magpunta kayo sa isang tindahan bukas ng umaga, o Lunes ng umaga, dahil Linggo nga po pala bukas. Magpunta ka sa isang tindahan ng mga gamot at bumili ka roon ng gamot na makakapagpa banal sa inyo hanggang sa baguhin ka nun patungo sa Kaluwalhatian. Subukan n'yo—subukan n'yo na 'yung doktor ay mag-opera sa inyo, na kayo'y babaguhin mula sa libingan patungong Kaluwalhatian. Yaman namang kayo'y naging matatalino't edukado na mayroon na kayong pagkaalam kung paano magtayo ng isa na namang tore ng Babel; haya't mauwi rin 'yun sa kung anong nangyari dun noon. Alamin n'yo. Subukan n'yong pumaroon sa ibang daan, at alamin n'yo.

¹³² Yun lamang mga nakay Cristo ang dadalhin ng Diyos kasama Niya. Ang tanging pagbabago na maipangyayari mula sa lupa patungo sa Kaluwalhatian ay sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Siya lang ang tanging pagbabago ng katawan, tanging daan para mapagbago. Di n'yo 'yun mabibili. Hinding-hindi. Hinding-hindi n'yo 'yun makakamit sa kung anumang pagsisikap. Kinakailangan n'yong matanggap 'yun. Isa 'yung kaloob sa inyo. Pagbabago ng katawan na Diyos ang may gawa, para dalhin ka.

¹³³ Sige't magpunta ka rito't bumili ng kung anong gamot na mapagbabago raw kayo, na mula sa pagiging matandang lalaki o babae, ay babalik kayo sa pagiging kabataang lalaki't babae. Alamin n'yo kung makabibili kayo ng ganoon. Hindi nga kayo makabibili. Walang magiging ganoon na ipagbibili, sa dako ng medisina. Walang magiging ganoon saang dako man 'yan sa labas ni Jesus Cristo.

¹³⁴ Pero sinabi Niya ito, “Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na walang hanggan, at siya'y Aking ibabangon sa huling mga araw, babaguhin siya, dadalhin siya patungo sa Kaluwalhatian.” “Masira man ang katawang ito na ukol sa lupa, ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay may isa tayong naghihintay.” Pagbabago ng katawan, pagpapalit bahay, paroroon mula sa isang dako patungo sa isa.

Siya lang ang Isa na nagtataglay ng Walang Hanggang Buhay. Siya lang ang Isa na nagtataglay ng kaligayahan.

135 Maaari bang sabihin ko rin ito, siyanga? Siya lamang ang tanging . . . Doon lamang sa Kanya ang tanging lugar na inyong maparoroonan, kung saan dun n'yo Siya makikita. Ang tanging dako kung saan n'yo lamang Siya mauunawaan, ay kapag kayo mismo'y pumaroon sa Kanya. Kinakailangan n'yong pumaroon sa Kanya, para maunawaan 'yun. Kung di kayo paroroon, ang ginagawa n'yo lang—ang ginagawa n'yo lang ay manghula-hula at magpapakahirap lang kayo sa pag-iisip. Mananangan kayo sa pahaka-haka. At kayo'y . . . magiging palaisipan 'yun sa inyo. Hinding-hindi n'yo mauunawaan 'yun.

136 Yan ang dahilan kung bakit 'yung mga Judio, noong mga araw na 'yun, ang sabi, “Aba, ang lalaking ito ay Beelzebub. Ang lalaking ito ay *ganito, ganoon, at kung anu-ano pa.*” Hindi kasi sila pumaroon sa Kanya. Hindi nila Siya tinanggap bilang ang Daan. Di nila Siya tinanggap bilang yaong Katotohanan, bilang yaong Liwanag, bilang yaong Pundasyon, bilang yaong Una, bilang yaong Huli, bilang Alpha, Omega, lahat ng mga bagay na ito kung sino Siya. Siya ang Lahat-Lahat. Yun ang dahilan kung bakit di nila Siya maunawaan noong makita nila Siya.

137 Hayan nga noon si Felipe, na pumaroon siya't isinama si Natanael, dinala si Natanael. At si Natanael, si Jesus . . . nung siya'y lumakad sa Presensya ni—ni Jesus. O nung si Natanael ay maparoon sa Presensya ni Jesus, ang ibig kong sabihin, si Jesus ay tumingin mismo sa kanya't nagsabi, “Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya.”

Sabi, “Rabi, kailan Mo ako nakilala?”

138 Sabi, “Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita.” Ang ra- . . .

139 Ang mga mangangaral na nakatayo sa paligid doon, yaong mga saserdote, sabi nila, “Ang Lalaking ito ay Beelzebub. Nasa loob Niya ang diyablo. Isa Siyang manghuhula.”

140 Ang sabi ni Jesus, “Sabihin n'yo man 'yan sa Akin, kayo'y patatawarin Ko. Pero darating ang araw kapag ang Espiritu Santo'y dumating, na gagawin n'yo ang siya ring bagay na 'yan, at isang salita lang laban Dito ay di na kailanman ipatatawad, sa sanlibutang ito o sa sanlibutan mang darating.”

141 “Papaanong nagagawa ninyo,” ang sabi Niya, “papaanong nagagawa ninyo na hatulan Ako, gayong ang mismong pahayag n'yo ay nagsasabing kayo'y ‘mga diyos’? At kung sila'y tinawag din namang ‘mga diyos,’ na mga dinatnan ng Salita ng Diyos, papaanong nagagawa ninyo na hatulan Ako sa pagsasabi Ko na Ako ang Anak ng Diyos?”

142 “Kung nakikilala ninyo ang Aking Ama, nakilala na ninyo sana Ako, maging.” Ganoon nga. Sinabi Niya, “Walang sino

man ang makalalapit sa Akin, maliban na ilapit siya ng Aking Ama.” Walang tao ang makauunawa sa Diyos, maliban na si Cristo, na haya’t tanggapin n’yo si Cristo. Hinding-hindi n’yo mauunawaan ang Makalangit na pagpapagaling.

¹⁴³ Mangyaring, may nagsasabi, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ipangangaral nga ’yun ng munting pastor dito.

¹⁴⁴ May ilan mga sa inyo na marahil mapapakamot ng ulo n’yo at magsasabi, “Ah, di ako naniniwala sa ganyan.” Kita n’yo? Wala nga kayo sa kalagayan na masampalatayanan ’yun. Sige’t tanggapin lang n’yo ito, sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagkatapos ay makikita n’yo ito mismo.

¹⁴⁵ Sinabi ni Jesus, “Kaunting panahon pa, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, na, hindi na Ako makikita ng sistema ng sanlibutan. Gayunma’y, makikita ninyo Ako; kayo, na mga mananampalataya, sapagkat Ako ay sasa inyo, sumasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Mas marami pa kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako’y paroroon na sa Aking Ama. Ako’y aalis na, pagkatapos Ako’y muling magbabalik at makakasama ninyo.”

¹⁴⁶ Nagtanong minsan si Nicodemo, “Papaano ako maisisilang na muli. Matanda na ako. Papasok ba ako sa sinapupunan ng aking ina nang makalawang beses?”

¹⁴⁷ Sumagot Siya, “Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, hindi niya makikita ang Kaharian ng Diyos.” Ngayon, ang tunay na salin nga roon ay “maunawaan,” maunawaan ang Kaharian ng Diyos. Ang Kaharian ng Diyos ay nariyan mismo sa inyo, kaya di n’yo aktuwal na makikita Ito, maliban na lang kapag nakita n’yo na Itong kumikilos. Pero ang tanging paraan lang para magawa n’yong maunawaan Ito, ay kinakailangan n’yo ngang maipanganak na muli. Para maipanganak na muli, kinakailangan n’yong mapuspos ng Espiritu ng Diyos, tapos maparoroon na kayo kay Cristo. At kapag naroon na kayo kay Cristo, ang Espiritu Santo na sumulat ng Biblia, na naghayag kay Cristo, ay siyanga’t nariyan na sa inyo, para kilalanin ang Kanyang Sarili mismo. Amen. Yan nga ang dahilan kung bakit kinakailangan n’yong pumaroon sa Kanya.

¹⁴⁸ Yan nga ang problema sa Amerika sa panahon ngayon. Ang mga pagtitipong ito’y lumaganap na mismo sa buong bansa, mapasa silangan, kanluran, hilaga, at timog. Ang dahilan kung bakit may bomba atomika nang, nakaumang dun sa ibayo para sa bansang ito. Ang dahilan kung bakit nalalapit na ang isang pagwasak. Ay dahil ang mga gawa ng Diyos ay nahayag na, at ang mga tao’y nilalayuan ito nang di man lang Ito tinatanggap, dahil ayaw nila sa Kanya. Ikinahihiya nila Siya. Oh, di nila

ikinahihiya ang kanilang kaiglesyahan. Di nila ikinahihiya ang kanilang relihiyon. Pero ikinahihiya nila si Jesus Cristo.

¹⁴⁹ Noong iwanan ng mga alagad ang kani-kanilang iglesya, at tinanggap ang bautismo ng Espiritu Santo doon sa Pentecostes, haya't ibinunsod sila nun na magpagiray-giray na parang lango sa alak, nagsasalita sa iba't ibang wika, at sige sila roon, at humahayo, at nagpapagaling ng mga maysakit, at kung ano pa. At binansagan silang grupo ng—ng—ng mga mangmang, na mga taong walang pinag-aralan. Sinabi ng Biblia, “Sila’y kapwa mga mangmang at walang pinag-aralan. Pero napagkilala ng mga tao na kanilang nakasama si Jesus,” dahil kumilos sila gaya ng ginawa Niya noon. Napagkikilala nila na ang Kanyang buhay ay naroon mismo sa kanila, dahil ginagawa nila ang mga gawa na Kanyang ginawa.

¹⁵⁰ Sinabi ni Jesus, sa San Juan 14:7, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Hayan nga. Yan mismo ang dahilan kung bakit kinakailangan nating makaparoon kay Cristo ngayon.

¹⁵¹ Naniniwala ako na malapit nang dumating si Jesus. Ako’y naniniwala na narito na tayo sa dulo ng tahakin. Naniniwala ako na ang mga bansa ay nagkakasira na. Naniniwala ako na ang wakas ng panahon ay malapit na. Nalalaman ko. Sa totoo lang, ganap kong nalalaman na ganoon mismo. Kumbinsidong-kumbinsido ako, at magagawa kong sabihin, “Kumbinsido ako na nalalaman ko talaga ito.” Narito na tayo sa dulo ng tahakin. Kung ilang mga araw, ilang mga taon, o ilang mga linggo, ’yan ang di ko masasabi. Walang makapag sasabi. Maging si Jesus; sabi Niya, “Tanging ang Diyos ang nakakaalam nun, lamang.” Di ko alam kung kailan ito, kung anong oras ito. Pero akin ngang nalalaman na ito’y malapit na talaga, dahil heto ang mga bagay na dapat na mangyari bago mismo ang Pagparito Niya.

¹⁵² Hayaan n’yong kumbinsihin ko kayo, ngayong gabi, aking kaibigan na wala pa kay Cristo. Kung ang minimithi n’yo ay Pundasyon na tiyak, yaong Daan, yaong Katotohanan, at yaong Liwanag, tanggapin n’yo si Jesus Cristo bilang inyong sariling Tagapagligtas at kayo’y mapuspos ng Kanyang Espiritu. Tapos kapag kumilos na ang Kanyang Espiritu, mapagkikilala n’yo ang Kanyang Espiritu.

Yun nga ang nangyari sa kanila noon. Nakita nila Siya.

¹⁵³ Yun ngang babae sa may balon, mas maalam pa nga siya tungkol sa Diyos kumpara sa mga mangangaral, nung panahon na ’yun. Hayan nga’t, pagkakita pa lang nung babae sa Kanya, ang babae. . . Siya nga’y itsurang ordinaryong Judio lang, isa ngang ordinaryong lalaki lang. At sabi Niya sa babae, “Babae, bigyan mo Ako ng mainom.”

¹⁵⁴ Sinabi nung babae, “Naku, hindi kinaugalian para sa Iyo na mga Judio na humingi ng ganoon sa mga Samaritano.”

155 Sabi Niya, “Pero kung nakikilala mo lang kung Sino ang kinakausap mo, hihingi ka sa Akin ng mainom. Ang ibibigay Ko sa iyo ay mga Tubig na di ka na kailangang pumarito para sumalok.”

156 Nakipag-usap pa Siya sa babae nang kaunti hanggang sa mapagkilala niya sa espirituwal ang babae, nahagip 'yun, kung ano ang suliranin sa babae. Bawat isa sa atin dito'y alam natin kung anong suliranin sa kanya. Tayong mga Amerikano'y alam natin na ang babae'y isang mangangalunya. Nagkaroon siya ng anim na asawang lalaki, at kumakasama siya sa pang-anim.

Kaya ang sabi Niya, “Humayo ka't kunin mo ang iyong asawang lalaki, at pumunta rito.”

Sabi nung babae, “Wala akong asawa.”

157 Sabi Niya, “Totoo ang sinasabi mo. Nagkaroon ka ng lima, at 'yung isa na kinakasama mo ay hindi mo asawa. Totoo nga ang sinabi mo.”

158 Sabi nung babae, “Ginoo, napagkikilala ko na Ika'y isang propeta. Ngayon, nalalaman nga namin, na kapag ang Mesiyas ay dumating, ipakikilala Niya ang Kanyang Sarili sa amin sa ganyang paraan. Nalalaman namin na Kanyang sasabihin ang ganitong mga bagay sa amin.”

Sabi Niya, “Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo.”

159 Iniwan nung babae ang banga niya ng tubig, at doon nga sa bayan ay pumaroon siya. Ano 'yung ginawa niyang 'yun? Siya nga'y tumanggap. Kanya 'yung tinanggap, 'yung kapahayagan noong Ito'y pumaroon sa kanya. Kumaripas siya sa bayan at nagsabi, “Halikayo, saksihan n'yo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking nagawa. Hindi ba't ito na kaya ang mismong Mesiyas?” Kanyang tinanggap Ito. Hayan nga.

160 Samantalang, 'yung mga Fariseo't mga Saduceo sila nga'y bumaling dun, nagsabi, “Isa Siyang Beelzebub. Ayaw naming magkaroon ng anumang kaugnayan sa Kanya. Dahil 'yang re- . . .” Sila nga'y may sariling pundasyon. May sarili silang daan. May sarili silang daan.

161 Sinabi nga ng Biblia, “Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao; ngunit ang dulo naman nito ay daan sa kamatayan.” Kaya, huwag na huwag kayong tatahak sa daan na 'yun na tila matuwid.

162 Kay Cristo kayo tumahak, tanggapin n'yo si Jesus bilang inyong Tagapagligtas, at mapuspos kayo ng Espiritu Santo. Tapos, kapag ang Espiritu Santo'y nagsimula nang kumilos sa kalagitnaan n'yo, inyo mismong mapagkikilala Ito.

163 Yan ang daan para mapagaling, kilalanin n'yo kung sino ang tagapagpagaling. Si Jesus Cristo ang tagapagpagaling. Sa ano kayang paraan Siya kikilos kung paririto Siya, sa gabing

ito, para pagalingin kayo? Kikilos nga mismo Siya sa paraan na ginawa Niya noon dun.

164 Nakipagsiksikan ang isang babae noon sa karamihan ng mga tao at hinipo ang Kanyang damit. Lumingon Siya at ang sabi, “Sinong humipo sa Akin?” At nakatayo roon ang lahat. At tumingin-tingin Siya sa paligid hanggang sa makita Niya ang babae. At sinabi Niya sa babae na ang babae’y may pag-aagas ng dugo, at sabi, “Iniligtas ka ng pananampalataya mo.”

165 Yun nga si Jesus nung panahong kahapon. Yun din si Jesus sa panahon ngayon, kung Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi n’yo masasampalatayanan ’yan liban na tanggapin n’yo muna si Cristo sa inyo, pagkatapos Siya ay sasaksi, sa Sarili Niya, na Siya mismo Iyon. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Yun nga ang paraan para makamtan Siya, ang Siya nga’y tanggapin.

166 Hayan nga ang pitong kadahilanan kung bakit kailangan nating tanggapin Siya ngayon. Wala tayong mapatutunguhang iba. “Ikaw lamang.” Di mo magagawa na sa iglesya pumunta’t matatangap mo Iyon. Wala po akong alam na denominasyon na mapupuntahan n’yo at makakamit n’yo Ito. Wala akong—wala akong anumang laban sa denominasyon. Pero haya’t maraming tao ang iniisip nila, na tutal kasapi sila sa isang iglesya, ’yun na ’yung kailangan nilang gawin. Kinakailangan n’yong pumaroon kay Jesus. Siya ang Daan, hindi ang iglesya. Siya mismo ang katotohanan, hindi ang iglesya. Siya ang Liwanag, hindi ang iglesya. Siya ang Pundasyon, hindi isang pundasyong iglesya. Siya ang Walang Hanggan na kaligayahan, Walang Hanggan na Buhay, ang panghabang-panahon na Katagumpayan, ang tanging Nagpapabago ng katawan. Ang tanging Daan para makilala ang Diyos, ang tanging Daan para makita ang Kapahayagan, ang tanging Daan para mapagaling, ay ang pumaroon sa Kanya. Kinakailangan n’yong pumaroon sa Kanya, at mapagkilala Siya, sampalatayanan Siya.

167 Ngayon sasabihin n’yo, “Buweno, Kapatid na Branham, wala naman akong nakikitang mga gawa na naipangyayari na tulad nun.”

168 Buweno, umaasa ako na makikita n’yo. Umaasa po ako na makita n’yo ito. Ngayon pa lamang nagsisimula ang pagtitipon. Gusto kong narito kayo sa mga sandaling ito, na nagnanais na masumpungan Siya, na makilala Siya, na mananalangin para mapagkilala Siya. Ilan po rito ang nagnanais na makilala Siya nang sa gayon mapagkilala n’yo Siya kung ang Espiritu Niya ay naritong dumarating sa pagtitipon? Itaas n’yo po ang inyong kamay. Sabihin, “Nagnanais akong makilala Siya sa paraan na mapagkilala ko Siya.” Salamat.

169 Papaano n'yo Siya mapagkikilala? Dahil nga gagawin Niya ang siya ring mga gawa na Kanyang ginawa noon nung Siya'y narito noon sa lupa. Ngayon, San Juan 5:19, anong sinabi Niya?

170 Dumaan Siya noon sa tabi ng tipunan ng tubig ng Betesda, hayun nga roon, ang malaking grupo ng mga tao, mga lumpo't mga pingkaw. Dumaan si Jesus sa gilid nung dalawang libo, o higit pang, mga tao, lumakad sa gilid nila dun. Nakita Niya ang isang lalaki roon na nakaratay sa isang latag. Mangyaring, alam na Niya, kita n'yo; nakita na Niya ang lalaki, bago pa. Ang lalaki nga'y naratay dun nang maraming-maraming taon. At sabi Niya . . . Hindi siya lumpo, nakakapaglakad naman siya. Sabi Niya, "Ibig mo bang gumaling?"

171 Sabi nung lalaki, "Wala akong katuwang na maglulusong sa akin sa tubig. Kapag papunta na ako roon, may ibang tao na nauunahan nila ako, na nakakapaglakad nang mas mabilis, na nauunang lumusong dun." Sabi nung lalaki, "Kapag papunta na ako, may ibang tao nga na bigla na lang akong mauunahan."

172 Sabi Niya, "Buhatin mo ang iyong latag at umuwi ka na sa bahay mo." Binuhat nga nung lalaki 'yung latag niya't siya'y naglakad mismo.

173 Lumakad Siya palayo't iniwan ang ibang tao roon. Ngayon, para ngang di magandang pakinggan 'yun, di po ba? Pero 'yun nga ang ginawa ni Jesus. Sa puso, "Bakit?"

174 Ngayon, kung babasahin n'yo pa, sa kasunod na talata, sa ika-19 na talata, mauunawaan n'yo kung bakit ganoon 'yung ginawa Niya. Nung tanungin na nila Siya, haya't ang sabi Niya, "Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, ang Anak ay di gagawa ng anuman sa Kanyang Sarili. Kundi ang nakikita Niya na ginagawa ng Ama, iyon nga ang gagawin ng Anak." Nakikita n'yo ba? "Kung papaanong ang Ama, ay gumagawa, iyon din ang Aking gagawin." Sa madaling sabi, "Ipakikita sa Akin ng Ama ang isang pangitain. Tinitingnan Ko kung ano ang sinasabi Niya na Aking gawin, at Aking—Aking sasabihin nang saktong kung ano ang sinabi Niya na dapat Kong sabihin. Ginagawa Ko lamang kung ano ang sabihin Niya sa Akin na gawin."

175 Buweno, hayun nga ang Pundasyon. Yun ang Katotohanan. Yun ang Daan. Yun ang Liwanag. Hallelujah! Hayun nga si Jesus.

May magsasabi, "Hindi ko pa naman Siya nakikita kahit kailan."

176 Hayaan n'yong sabihin ko ito, sa pagtatapos. Mga ilang linggo ang nakararaan, doon sa Florida, malapit sa Golpo ng Mexico, sa banda roon, o doon sa mga Keys sa dako roon. May isang—isang doktor dun, sa pagkakaalala ko, na nagpunta roon para mangisda. At siya'y—siya'y umupa ng isang matandang tagapanguna sa daan na isa raw mahusay na tagapanguna sa

daan, na may angking kaalaman kung papaano siya dadalhin mapasa loob at mapasa labas man ng katubigan. At sumakay na 'yung matandang tagapanguna sa daan doon sa bangka, at umandar na, at unti-unting pumalaot dun gamit ang kanyang mga sagwan, at naghintay nang kaunti. At wala pang liwanag ng araw nung mga sandaling 'yun.

177 Tapos—tapos 'yung lalaki'y nakaramdam siya ng mga kakaibang hangin, na umihip dun sa karagatan bawat umaga, na iba ang ihip. Sabi nung lalaki, "Naku," nakakahalata siya, "pumapalaot na tayo nito papuntang dagat. Tinatangay na yata tayo nung alon." Napansin niya 'yung bangka, mistula ngang tinatangay sila. Sabi nung lalaki, sa isip-isip niya, "Ayaw ko sanang kausapin ang tagapanguna, pero kinakailangan ko—ko na yatang magsalita ng kung ano." Kinabahan siya. Sabi niya, "Naku, ginoo, pumapalaot na yata tayo papunta sa direksyon ng dagat, hindi po ba?"

"Oh," sabi nung tagapanguna, "Hindi po." Kalmado siya, tahimik lang.

178 Ilang sandali pa, napansin nung lalaki na 'yung bangka, ay para bang patuloy na umuusad, maulap at madilim noon. Sabi niya, "Pumapalaot yata tayo papunta sa dagat. Gumawa ka ng paraan. Ikaw ang tagapanguna sa daan. Gumawa ka ng paraan. Bilisan mo. Papunta na tayo sa direksyon ng dagat. Alin bang direksyon ang pabalik?"

179 Yung matandang tagapanguna sa daan, haya't kalmado lang siya, nakaupo roon, at sabi, "Buweno, maghintay ka lang diyan nang kaunti, maglilwanag din, pagkatapos malalaman na natin kung nasaan tayo."

180 Maghintay lamang nang kaunti. Nawa po'y ang tunay na Liwanag ng Diyos ay suminag sa gusaling ito, ngayong gabi. Pagkatapos makikita n'yo kung nasaan kayo. Makikita n'yo kung sa aling daan ang dapat n'yong tahakin, pagkatapos nun.

Manalangin tayo.

181 Makalangit na Ama, sinasabi mismo sa mga Kasulatan, "Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag. Walang sinuman ang makararating sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko. Ako ang pinto sa kawan." "AKO, AKO, AKO," sunud-sunod, hanggang sa dumating Ka sa punto, na sinabi, "AKO YAONG AKO NGA." Na 'yung "AKO NGA" na 'yun ay hindi kahapon o bukas man. Yun nga'y sa kasalukuyan sa tuwina, ang siya ring, "AKO NGA." Na sa bawat kapanahunan, bawat salinlahi, sa buong Walang Hanggan, ay nananatili pa ring, "AKO NGA." Ngayon, Ikaw pa rin ang siya ring dakilang "AKO NGA," hindi "Ako noon" o "sa hinaharap." Gayong, Ikaw noon at Ikaw sa hinaharap. Pero, hayan nga't, Ikaw sa kasalukuyan sa tuwina na "AKO NGA."

182 Di na nga nakapagtataka na sinabi ng alagad, "Kanino pa kami paroroon, Panginoon? Kanino kami magsisiparoon? Heto

nga't nasaksihan namin na ginawa Mo ang mga bagay na ito. Alam namin na walang sinumang iba ang makagagawa nito, maliban na ang Diyos ay sumasa kanya.”

¹⁸³ Mangyaring nagpahayag din si Nicodemo nang ganoon din, “Rabi, nalalaman namin na Ikaw ay isang Guro mula sa Diyos. Alam po namin 'yan. Kaming mga Fariseo, kaming mga kasapi sa iglesya, nalalaman naman namin 'yan. Hindi nga lang namin matanggap. Patatalsikin kasi kami sa iglesya. Pero nalalaman namin na Ikaw nga'y isang Guro na nanggaling sa Diyos, dahil walang tao ang makagagawa ng ganyang mga gawa na Iyong ginagawa, maliban na ang Diyos ay sumasa kanya.”

¹⁸⁴ Tunay, Panginoon, na ganoon din ito sa ngayon. Ikaw ang siya pa ring Pundasyon; ang siya pa ring Daan, siya pa ring Katotohanan, siya pa ring Liwanag. Siya pa ring Pundasyon! Ikaw ang siya ring kaligayahan. Ikaw ang siya ring nagpapa bago. Ikaw ang siya pa ring lahat na 'yun. Ikaw ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; ang siya ring Isa na 'yun na nakatatalos sa mga lihim ng puso. Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; siya ring tagapagpagaling, siya ring Tagapagligtas.

¹⁸⁵ Diyos, marahil may mga makasalanan na narito sa dakong ito. Dalawampu o tatlumpung mga kamay ang nagsipagtaas, kanina, nung tanungin ko sila kung sino ang may pagnanais na makita Ka. Pinanatili ko muna sila, nang kaunti, sa huli kong pahayag, “Hintayin n'yo hanggang sa suminag ang Anak, at pagkatapos ay makikita n'yo kung nasaan kayo. Huwag kayong aburido. Huwag po kayong kumaripas palabas ng simbahan. Huwag kayong, sasabihin n'yo, 'Napaka init naman dito sa loob na di ko na kayang maupo pa nang matagal.' Bagkus tayo po'y maghintay nang kaunting sandali na lang. Hayaan n'yong ang Anak ay suminag. Hayaan n'yong pumaitaas ang Liwanag. Hayaan n'yong dumating si Jesus sa eksena at magpamalas at gumawa katulad ng ginawa Niya rito noong narito Siya noon sa lupa, pagkatapos ay makikita natin kung saan ang daan na dapat nating tahakin.” Iyong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus at para sa ikaluluwalhati Niya. Amen.

Alam kong maalinsangan. Wala na tayong masyadong oras.

¹⁸⁶ Ilan po ang nananampalataya na ang mga pahayag na 'yan ay totoo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Wala na pong ibang daan na mababalingan pa. Wala nang ibang daan.

“Buweno, paano ka nakasisiguro?”

¹⁸⁷ Kinokondena ko ang iglesya, bilang isang organisasyon. Kinokondena ko ang pundasyon kung saan ito naitayo, na heto ngang nakatayo sa doktrina ng mga obispo't iba pa, “May anyo nga ng kabanalan, tinatanggihan naman ang Kapangyarihan nito.” Dahil, di sila naniniwala sa Makalangit na kagalingan. Hindi sila naniniwala sa bautismo ng Espiritu Santo. Hindi

sila naniniwala sa purong Ebanghelyong mga Turo't Aral. Ang denominasyon nila, ang mga Pentecostal, haya't napapalayo sila nang husto. Siyanga. Ang Nazarene, Pilgrim Holiness, napapalayo nga sila, dahil unti-unti na nilang tinatanggap ang doktrina ng tao, na anupa't dahong-igos na relihiyon. Ang tao, kung saan-saan na lang ang tungo, "Saan kaya tayo maaaring pumaroon?" Gagaya ba kayo sa pitumpu, na tatalikod palayo?

¹⁸⁸ O, magiging tulad kayo ni Pedro, ngayong gabi? Sasabihin, "Panginoon, saan kami paroroon? Kanino pa kami paroroon? Nakita namin na taglay Mo ang Salita ng Buhay na Walang Hanggan. Ikaw lamang ang tanging Isa na taglay Ito."

¹⁸⁹ At tanging si Jesus lang ang siyang nag-lisa na hawak ang inyong kaluluwa sa Kanyang kamay. Hindi kayo matutulungan ng iglesya n'yo. Si Cristo ang makatutulong sa inyo.

¹⁹⁰ Saan kayo makasasaligan. . . o mapagkakatiwalaan o saan pa ba kayo makakakita ng Pundasyon na makaka kamit ng ano mang bagay pagkatapos ng kamatayan? Ano pa ang magagawa ng iglesya para sa inyo pagkatapos ng kamatayan? Ano ang magagawa ng iglesya para sa inyo pagkatapos na sukuan na kayo ng mga doktor? Ano ang magagawa ng sinumang tao pagkatapos na kayo nga'y sukuan na ng medikal na siyensiya't, kinain na kayo ng kanser? Wala nga.

¹⁹¹ Pero may isang Pundasyon. May Isa. May isang Daan. May isang Liwanag. May isang Diyos. May isang tagapagpagaling. May isang Tagapagligtas. May Isa na niluwalhati, at Siya nga'y narito mismo sa kalagitnaan natin ngayong gabi, dahil Kanya mismong ipinangako na Siya'y mapaparito.

¹⁹² At sinabi Niya, "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, paroroon Ako sa gitna nila. Ang mga gawa na ginagawa Ko ay gagawin din naman nila. Kaunti pang panahon, at ang sanlibutan," ang iglesya ang tinutukoy riyon, ang mga nasa labas, "di na nila Ako makikita. Gayunman, ay makikita ninyo Ako, sapagkat Ako. . ." At sinuman sigurong nakatungtong ng paaralang elementarya ay nalalaman na ang "Ako" ay isang panghalip panao. Kita n'yo? "Ako'y magiging kasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Ano bang mga gawa ang ginawa Niya? Gaya nga ng kung ano ang ipinakita sa Kanya ng Ama.

¹⁹³ Yan po ang dahilan kung bakit sinabi ko sa huli kong pahayag, "Maghintay lang." Hindi nga ako nangaral sa inyo na mauwi lang sa walang kabuluhan. Kung ang mga sinasabi ko ay di ginawa ni Jesus, na sinabi ng Biblia na Kanyang ginawa, gaya ng sinipi ko't binanggit sa inyo, kayo. . . sa Kasulatan na Kanyang ginawa, kung ganoon ay mali ang sinabi ko sa inyo; kung ganoon ay mali ang Biblia; at kung ganoon ay lumabas na lang tayo't sumumpung na lang sa relihiyong Mohammedan,

sumumpong na lang tayo kay Buddha, sa kung anong iba na lang na relihiyon na totoo.

¹⁹⁴ Hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, kapatid, bago kayo magpasya, may nag-iisa't isang Daan lamang, nag-iisa't isang Katotohanan lamang. May nag-iisa't isang relihiyon lamang na mayroon, na makakapagpatunay na ang kanilang Nagtatag ay nagbangon mula sa patay at nabubuhay kailan-kailan pa man, amen, 'yan ang Iglesia ng Buhay na Diyos. Binubuo sila ng mga Methodist, Baptist, Presbyterian, at iba pa, Nazarene, Pilgrim Holiness, mga Pentecostal. Bawat isa mismo na ipinanganak sa Kaharian ng Diyos, na tumanggap kay Jesus Cristo, ay itinatag sa ibabaw ng Pundasyon na 'yun at hinding-hindi kailanman lilipas, kundi nakalagak na sa Walang Hanggang pag-asa na 'yun. Kahit na magpala sila ng kimpal ng lupa sa ibabaw ng kabaong n'yo, isang linggo mula ngayon, hayan nga't di kayo magagambala nun ni katiting. Mangyari ngang lumipat lamang kayo mula sa matandang gusaling ito, patungo sa isang bago, 'yun lang 'yun. Ibabangon ka Nito sa huling araw.

¹⁹⁵ Si Jesus Cristo lamang ang tanging dako na mababalingan. Ako nga'y bumabaling sa Kanya, nang buong puso ko, nang buong lakas ko. Kung papaano nga ako noon nung may limang daang libo ako, gaya ng ginawa namin sa Bombay. Dito po sa munting iglesyang ito, sa gabing ito, na sandaan at limampung katao, o parang ganoon, marahil di ganoong karami. Doon nga sa siya ring pamamaraan na 'yun, na inilagak ko ang sarili ko sa Kanya, na ihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa kung anong paraan, ngayong gabi, na magbubunsod sa inyo na maunawaan na Siya'y narito.

¹⁹⁶ Ang mga prayer card po? Nakapagbigay ba kayo ng ilan? [May nagsasabi, "Opo."—Pat.] Sige po. Ilan kamo ang naibigay n'yo? ["Mga dalawampu."] Kapatid na Ruddell, hinihintay ko po talaga ito, ngayong gabi, sa totoo lang. Pero napaka init, ang mga tao'y siksikan masyado't punung-puno, at punung-puno talaga rito, at hayan—hayan nga. Pero mangyari—mangyari po, sa palagay ko, ang mga tao. . . Gaya ng ginawa ko, nung una. Gusto ko sanang sunduin ang maybahay ko, at nung dumaan naman ako rito, para makita ko kung marami ba ang naparito, at nakita ko na punung-puno, kaya bumalik ako. Kita n'yo? Nagpunta ako't, bumalik, nagpunta uli rito.

¹⁹⁷ Ngayon, maalinsangan po. Pero, oh . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sige't kahit kaunti, at pagkatapos kung puwede pa'y kukuha pa tayo ng ilan, ng ilan pa, at ipapanalangin sila.

¹⁹⁸ Ngayon, di ko po sinasabing may gagawin ang Panginoon ng kung anong katangi-tanging bagay para sa atin. Marahil Siya'y kikilos. Marahil di kikilos. Di ko po alam.

¹⁹⁹ Ngayon, ano, nagsimula ba kayo sa bilang isa? [May nagsasabi, "Bilang isa."—Pat.] Bilang isa. Sige. Sino po ang

may hawak ng prayer card bilang isa? Maaari lamang na itaas n'yo ang inyong kamay. Yun pong may hawak ng prayer card bilang isa. [May isa na nagsasalita.] Sigurado ka ba? Bilang isa? ["Lumapit po kayo. Diyan sa nakatayo sa likod."] Oh, pasensya na po. Sige, binibini, lumapit ka rito.

²⁰⁰ Bilang dalawa, sino po ang may hawak ng bilang dalawa? Prayer card bilang dalawa, itaas n'yo lang ang inyong kamay. Yung maliit na batang babae. . . Oh, pasensya—pasensya na po. Prayer card bilang dalawa, maaari lamang na itaas n'yo ang inyong kamay. Sige.

²⁰¹ Wala po ba rito ang prayer card bilang dalawa? [May isa na nagsasabi, "Heto siya."—Pat.] Sige binibini. Sige. Pumarito ka lamang, binibini. Dito po.

²⁰² Bilang tatlo. Sige't tingnan n'yo agad, ngayon, baka po ang tao'y bingi, o di siya makatayo. [May isa na nagsasabi, "Heto siya."—Pat.] Bilang tatlo, itaas mo lang ang iyong kamay, kung maaari. Prayer card bilang tatlo. Sige po, ginoo. Kakilala ko ang lalaking ito. Sige po.

²⁰³ Bilang apat, itaas mo ang iyong kamay. Prayer card bilang apat. Nakanino kaya ang bilang apat, sige po. Itong binibini rito. Sa palagay ko'y kilala ko ang binibining ito. Kung di po ako nagkakamali. Sa palagay ko'y kilala ko. Bilang apat.

Bilang lima. Hayun siya sa likod na likod. Sige po.

Bilang anim. Prayer card bilang anim. Sige po.

Bilang pito. Prayer card bilang pito, papalapit ang ginoo.

Bilang walo.

²⁰⁴ Billy, puwede ka bang bumaba roon at ipuwesto sila nang maayos, para may lugar ka riyang na mapagtatayuan, o parang ganoon.

Bilang siyam. Sino po riyang ang may hawak ng prayer card bilang siyam?

²⁰⁵ Ang binibini po bang ito rito? Sige. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Bilang walo."—Pat.] Bilang walo. Sige.

²⁰⁶ Bilang siyam na po, sino po ang may hawak ng prayer card bilang siyam? Tingnan lang po sa paligid. Baka siya'y bingi. Bilang siyam. Bilang siyam. Lumabas po kaya? Sige't tingnan n'yo lang sa inyong. . . Baka, katabi n'yo na 'yung may hawak ng prayer card, tingnan lang po. Baka di po siya makatayo. Prayer card bilang siyam. Ayaw po nating may malalampasan.

²⁰⁷ Ito kayang binibini *rito'y* bilang siyam 'yung hawak niya? [May nagsasabi, "Hindi, po. Bilang labing-apat."—Pat.] Sige't tingnan n'yo.

²⁰⁸ [May nagsasabi, "Dalawampu't anim. Dalawampu't anim."—Pat.] Hindi po. Hindi po. Masyado nang—masyado nang malayo.

209 Bilang siyam. Huwag pong lalapit agad, maliban na lang kung 'yung bilang n'yo na ang tinatawag, kung mamarapatin n'yo. Bilang siyam.

210 Kilala ko po ang ginang na ito. Gng. Ford, nasa inyo po ba ang bilang siyam na prayer card? Puwede bang may tumingin. Baka ang may hawak ay di makarinig. Gene, puwede ka bang bumaba rito, sandali, at tingnan mo? Kapatid na Fred, halika't tulungan mo muna siguro si Billy, pansumandali. Sige po.

211 Bilang sampu, sino po ang may hawak ng bilang sampu? Bilang siyam, bilang sampu?

212 Nasaan kaya sila? Sige po. Sa mga narito na lang po tayo magsimula, kung ganoon, magsimula na sa kanila. Sige po.

213 Ngayon, ilan po sa inyo na nasa pila para sa pananalangin ang nakakakilala sa akin? Kilala *mo* ako, at kilala *niya* ako. Sige po.

214 Ilan po ang nariyan sa mga upuan ang di nakakakilala sa akin? At ako ma'y walang. . . Alam n'yo na wala akong alam sa kung anong suliranin sa inyo, at gayunma'y may sakit kayo? Itaas n'yo lang ang inyong kamay. Sige. Sige.

215 Ngayon, sa inyo na di ako kakilala, at di ko kayo kakilala, gusto ko pong gawin n'yo ito. Gusto ko pong tumingin kayo sa direksyon na ito, at gawin 'yung ginawa noon ng babae, habang isinasagawa natin itong munting pila para sa pananalangin.

216 Ngayon, tingnan n'yo. Ang mga taong narito ay may sakit. Wala po akong nakikita sa kanila na pilay, pero—pero ang mga taong ito ay may sakit. Ngayon, yamang ang kinakailangan nila ay pagpapagaling, buweno, may Isa na makapagpapagaling sa kanila, 'yun nga si Jesus Cristo, isang Tao. Ngayon, papaano Niya 'yun maipangyayari? Papaano Niya 'yun gagawin? Dahil kayo mismo'y sumasampalataya na ginawa na Niya ito noon, na anupa't nananampalataya kayo na gagawin Niya sa ngayon. Ngayon, kung Siya'y nabubuhay, kung ganoon nananatili pa rin Siyang tagapagpagaling. Tama po ba? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Kung Siya'y nabubuhay mapasa hanggang ngayon, Siya'y nananatiling tagapagpagaling. Sige. Kaya naman, kung mapatutunayan Niya sa inyo na Siya'y buhay, dito sa gabing ito, haya't mapapatunayan Niya mismo sa Sarili Niya.

217 Ngayon, di nga Siya mapaparito sa isang katawang anyo, dahil 'yung katawan Niya ay naroon sa kanan ng Diyos. Ilan po ang nakakaalam n'yan? At nalalaman na ang Espiritu Santo, na naroon sa Kanya, ay narito muli ngayon na ginagawa ang siya ring mga gawa na ginawa Nito nung Ito'y nasa Kanya noon, sa sinabi Niya. Sige. Ngayon, kung ganoon ay gagawin Niya ang siya ring mga gawa na ginawa Niya noon, sa atin.

218 Ngayon, sa inyo riyang walang mga prayer card, at di ako kakilala, at nagsisipag taas ng kanilang kamay, tumingin po

kayo rito, at sabihin, “Panginoon, nananampalataya po ako na Ikaw nga’y narito, at gusto ko pong hipuin ang Iyong damit. Dahil sinabi ng Biblia na Ikaw, sa oras na ito mismo, ay isang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo’t nahahabag sa aking mga kahinaan. Ako po’y may sakit, at nangangailangan talaga ng panalangin. At hinahangad kong mahipo ang Iyong damit. Kaya naman, Ika’y mangusap sa pamamagitan ni Kapatid na Branham at sabihin sa akin kung anong gagawin.” Sige—sige po’t gawin n’yo lang ’yan, sumpungan n’yo mismo kung Siya ba’y narito talaga, o hindi.

219 Sino po ang una sa pila para sa pananalangin? Sige po. Ang bini-. . . Ito po ba, ito po bang binibini na narito sa silya rito? Sige po. Sige po.

220 Unang-una, naniniwala ako—naniniwala ako na di kita—di kita kakilala, sa palagay ko. Tayo’y estranghero sa isa’t isa. [Sinabi ng kapatid na babae, “Opo, tama po.”—Pat.] Di nga tayo magkakilala. Sige. Ngayon, heto ang isang babae na di ko kakilala. [“Salamat sa Iyo, Jesus.”] Wala po akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya. Di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. [“Tama. Salamat sa Iyo, Jesus.”] Estranghero siya sa akin.

221 At narito nga tayo na kagayang-kagaya, dun sa eksena sa Biblia. Heto nga na ang isang lalaki at isang babae’t nagkita, tulad ng naroon sa San Juan 4, kung gusto n’yo itong basahin. Nakatagpo ni Jesus ’yung babae sa may balon. [Sinabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.] At di pa Niya nakikita ang babae, at di pa Siya nakikita nung babae, dati.

222 Kaya heto na’t sinabi Niya, “Babae, dalhan mo Ako ng maiinom.” Ano ’yung ginagawa Niyang ’yun? Ikinauugnay ang espiritu nung babae.

223 At sabi nung bababe, “Hindi kaugalian para sa mga Judio na humiling ng katulad n’yan sa mga Samaritano. Hindi tayo nakikisama sa isa’t isa.”

Sabi Niya, “Sige’t humayo ka’t sunduin mo ang asawa mo, at pumunta rito.”

Sabi nung babae, “Wala akong asawa.”

224 Sabi, “Tama. Nakalima ka na. At ang isa na kinakasama mo ay di mo asawa.”

225 Sabi nung babae, “Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang propeta. Ngayon, nalalaman namin, kami na mga taga-Samaria, nalalaman namin na kapag dumating ang Mesiyas, ay sasaysayin Niya ang mga bagay na ito sa amin. Kung ganoon Sino Ka?”

Sabi Niya, “Ako Siya, na nangungusap sa iyo.”

226 At tumakbo ang babae, ipinamalita ’yun sa buong bayan. “Halikayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki na sinaysay sa akin ang mga bagay na aking nagawa,” o mga bagay tungkol dun sa babae. “Hindi ba’t Ito na kaya ang mismong Mesiyas?”

[Sinasabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.]

227 Buweno, kung 'yun ang tanda ng Mesiyas nung panahon na 'yun, at Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, hindi po ba't marapat lamang na kung ano 'yun noon ay ganun din ito sa ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi ba't gagawin Niya ang siya ring bagay? [“Amen.”]

228 Ilan sa inyo na narito sa gusaling ito, makasalanan man, o hindi, ang sumasampalataya roon kung gagawin Niya 'yun sa ganoon ding paraan? Patingin po ng kamay n'yo.

229 Ngayon heto po ang aking kamay. Sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa nakikita ang babaing ito sa buong buhay ko. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.] Narito nga Siya, na sinasabi, “Salamat sa Iyo, Jesus.” Marahil isa siyang Cristiano. Marahil hindi.

230 Marami pong nagsasabi ng, “Salamat sa Iyo, Jesus,” na di naman Siya nakikilala. Marami po. Kita n'yo? Sinabi Niya, “Marami ang magsisilapit sa Akin, sa Araw na iyon, nagsasabi, ‘Panginoon, Panginoon.’ Ni hindi Ko kayo nakikilala,” ang sabi Niya.

231 Ngayon, kung si Jesus ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at Siya'y narito mismo sa kalagitnaan natin, kung maipagpapakumbaba ko lamang ang sarili ko sa Kanyang harapan, para ipagpasakop ang aking sarili sa Kanya, kung ganun ay makakakilos Siya sa pamamagitan ko gaya ng ginawa Niya ang Kanyang. . . Gagawa ang Diyos na pamamagitan ko gaya nung ginawa Niya noon sa pamamagitan ni Jesus, doon sa babae sa may balon? Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, heto tayo, pareho tayong di pa natin nakikita ang isa't isa noon. Maibubunsod ba nito na lahat kayo ay manampalataya? [“Amen.”] Iububunsod ba nito na tumatag ang inyong pananampalataya? [“Amen.”] Kung ganoon kung Siya'y narito, kung Siya'y nabubuhay, kung gayo'y nananatili Siya na inyong Tagapagligtas, inyo pa ring tagapagpagaling. Tama po ba? [“Amen.”] Ngayon saksihan natin kung gagawin Niya.

232 Ngayon, Diyos, nakasalalay na po ito sa Iyong mga kamay ngayon. Nakasalalay na ang ibang natitira sa Iyo, dahil batid namin na di ito kayang gawin ng tao. Kinakailangan na ito'y manggaling mula sa Iyo. Mangyari nawa, Ama, sa gabing ito, para sa kapakanan ng mga taong nakaupo rito ngayon, para sa ikaluluwalhati ng Ebanghelyo, ay mangyari po nawa, sa gabing ito, Ama, nang sa gayon ang mga tao rito'y mapagkilala nila na Ikaw ay nananatiling si Jesus Cristo, na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

233 At nawa'y ang—ang kadiliman na marahil naroon pa sa mga puso ng ilan ngayon, na walang pagkilala, nagbabaka-

sakali lang, nag-aalinlangan, kung Ikaw lamang ay paroroon at pasisinagin ang Liwanag, nawa'y makita po nila ang Daan na 'yun, kung ganoon, at lumapit sila patungo sa Iyo. Kung sila man ay may karamdaman, nawa'y gumaling sila. Kung sila'y naliligaw, nawa'y maligtas po sila. Matatanaw at matatanaw namin ang daan papunta dun sa dalampasigan, kapag suminag na ang Anak. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y “ang Araw ng katuwiran ay sumikat na may pagpapagaling sa Kanyang mga pakpak,” at ilantad ang dakila Niyang Katauhan sa ibabaw ng dakong ito. Iyong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling po namin ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

234 Gusto ko pong magpitagan kayo, dahil napagtatanto natin na di tayo. . . Di po tayo rito nagiiglesya-iglesyahan. Pagtawag ito mismo sa Presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pumasok sa munting gusaling ito.

235 Ngayon nakikita n'yo ba itong kinatatayuan ko? Nasa isang daan at limampu ang narito. Itong bagay na ito'y sinambit ko na mismo sa harap ng sampung makalibo't, daang makalibo, at umabot pa nga ng limang daang libo, sa isang pagkakataon, na naroon nga sila na nakaupo roon na sama-sama sila't mga ateista, mga di-mananampalataya, mga di naniniwala sa Diyos, mga tagapagsanay ng mga ahas, at kung anu-ano pa. Hinding-hindi nga Siya nabibigo.

236 Ngayon, nararapat lamang na patunayan Niya na Siya ang Diyos ng Biblia, o kung hindi'y hindi Siya ang Diyos ng Biblia. At kung Siya ang Diyos ng Biblia, Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kung sasabihin Niya sa babaing ito kung ano ang sinadya niya rito. Di ko pa nakikita ang babae kahit kailan. O, sabihin sa kanya ang isang bagay na alam niya na wala akong nalalaman tungkol dun. Kung masasabi Niya sa kanya kung ano ang sadya niya rito, gaya nung ginawa Niya noon dun sa babae sa may balon, kung maipaliliwanag Niya sa babae ang isang bagay na nalalaman niya. Kaya naman yaman pong di ko siya nakikilala, at di niya ako nakikilala, ay heto't nakatayo kami rito sa pinaka unang pagkakataon sa buhay namin, walang pasubali na yuyugugin kayo nito nang husto, hanggang sa ang mga malalabong ulap ay mawaglit mula sa inyo. Nawa'y ipagkaloob Niya ito, 'yan ang dalangin ko.

237 Ngayon, narito na po ang binibining ito na pumarito para maipanalangin, nais ko ngang ang bawat isa'y manampalataya ngayon. Ngayon, wala po akong nalalaman tungkol sa babae, gusto ko lang na makipag-usap sa kanya pansumandali, gaya ng ginawa ng Panginoon natin dun sa—sa babae sa may—sa may balon, upang makaugnay ang espiritu nung babae.

238 Ngayon, marahil tayo. . . Di pa man tayo nagkita noon, pero heto nga ang Panginoon na nakikilala ka, at nakikilala Niya ako.

Kung masasabi Niya sa akin kung ano ang sadya mo rito, na hilingin sa akin, bagay na—na ikaw lang ang nakakaalam. At ako nga’y wala akong nalalaman tungkol sa iyo.

²³⁹ Ngayon, kung ipinadala ka Niya rito, at dinala ako rito, para marahil ipaliwanag sa iyo, o kung makakapangusap Siya sa pamamagitan ko at sasabihin sa akin kung ano ang sadya mo’t pumarito ka sa entablado ng ito, maibubunsod ba nito na ika’y sumampalataya sa Kanya? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, tunay nga.”—Pat.] Maibubunsod nito na ikaw mismo ay makasampalataya? Ngayon, nauunawaan ko.

²⁴⁰ At sinasabi ng mga tao rito na sasampalataya sila. Ngayon, heto nga tayo, nakaantabay sa isang bagay na mangyayari, kung ang Diyos ay siya pa ring Diyos. Katulad nga ng ginawa ni Jesus Cristo nung una!

²⁴¹ Nakikita ko ang binibini ngayon. Ang kahilingan niya’y ipanalangin ko ang mga mata niya. May kung anong suliranin siya sa kanyang mga mata. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Jesus. Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.] Ngayon, di po ’yun hula. Siyanga. [“Salamat sa Iyo, Jesus. Salamat sa Iyo, Jesus.”] Nanlalabo ang kanyang paningin, at nagnanais siya na maipanalangin, ang kanyang mga mata. Yun po ang katotohanan. Yun po . . . Kung tama, iwagayway mo ang panyo na ’yan sa harap nila, kapatid na babae. [“Purihin ang Iyong Pangalan, Panginoon.”]

²⁴² Ngayon, siya nga’y di ko pa nakikita noon, sa buong buhay ko. Anong nagbunsod nun? Anong nagbunsod nun? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Panginoon. Salamat sa Iyo, Panginoon.”—Pat.] Mukha ngang isa siyang mainam na tao. Iniisip mo ba na hinulaan ko lang ’yun? Sige’t, tingnan natin. [“Panginoon, pinupuri po namin ang Iyong Pangalan, ngayong gabi, Jesus.”] Ngayon, binibini . . .

²⁴³ Nang sa gayon mawala ang paghihinala mula sa iglesyang ito, mula sa oras na ito, na sa oras na ipangaral ni Kapatid na Ruddell na, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” ay mapagkilala na talaga, sa pulpitong ito, na inihayag ni Cristo Jesus ang Kanya mismong kaluwalhatian at pinatunayan na talaga ito. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, Panginoon. Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.]

²⁴⁴ Ngayon, oo, nakikita ko na siya’y . . . Ang mga mata niya’y malala. Astigmatismo itong nasa mga mata niya. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Salamat sa Iyo, Jesus.”—Pat.] Tapos, heto rin, na may iba pang suliranin sa kanya. [“Salamat sa Iyo, Jesus.”] Mayroon siyang . . . Naoperahan siya. [“Salamat sa Iyo, Oh Panginoong Jesus. Oh!”] Yun ang sanhi nung malaking pilat dun sa tisyu. Di po siya taga-rito sa siyudad na ito. [“Salamat sa Iyo, Panginoon.”] Hindi rin siya taga-rito sa estadong ito. [“Oh!”] Siya’y taga-Kentucky. Tama. At may anak na babae

siya na ninanais niya na maipanalangin. ["Salamat sa Iyo, Panginoon. Hallelujah! Hallelujah!"] Isang munting batang babae, mga walo o sampung taong gulang. ["Oh!"] Nagnanais siya ng panalangin para sa anak na babaing ito dahil ang anak niyang babae'y sasalang sa pag-oopera. ["Salamat sa Iyo, Diyos. Salamat sa Iyo, Jesus."] Haya't GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

²⁴⁵ Tingnan n'yo kung hindi ba't 'yan ang katotohanan o hindi. Totoo ba 'yun, binibini? Kung totoo 'yun, iwagayway mo ang panyong 'yan uli, sa mga tao. [Sinاسب ng kapatid na babae, "Salamat sa Iyo, Jesus. Anim na taong gulang lang siya."—Pat.] Isa ngang maliit na batang babae. Sige.

²⁴⁶ Nanampalataya ka ba na kayang sabihin sa'kin ng Diyos kung ano ang pangalan mo? [Sinاسب ng kapatid na babae, "Opo, Panginoon. Opo, Diyos."—Pat.] Kung ang Diyos. . . Heto, ipakikita ko sa iyo ang isa pang bagay. Heto ang isang lalaki, nakatayo sa tabi mo, ang asawa mong lalaki ito. ["Salamat sa Iyo, Jesus. Salamat sa Iyo, Jesus."] Nakaupo siya sa banda rito. Tama. ["Salamat sa Iyo, Jesus. Salamat sa Iyo, Jesus."] Siya rin ay nangangailangan ng kagalingan. May rayuma siya. Tama. ["Salamat sa Iyo, Jesus."] Ang pangalan mo ay Camper. ["Salamat sa Iyo, Jesus."] Tama. At taga-Kentucky ka. Sige't bumalik ka na sa Kentucky, at tanggapin. . . Sige't iwi mo ang panyo na 'yan at ipatong mo sa bata. [Humiyaw ang kapatid na babae, "Oh!"] Manampalataya ka nang buong puso mo, di na kailangan ng pag-oopera. Amen. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? ["Oh!"]

²⁴⁷ Halos isang encyclopedia 'yan ng buhay ng babae. Akin ngang hinawakan ang mga kamay niya, di ko pa siya nakikita noon, sa buong buhay ko. Siyanga.

²⁴⁸ Ngayon kita n'yo, ano ang nahipo niya? Ano ang kanyang ginawa? Hinipo niya ang Dakilang Saserdote na 'yun. Hinipo niya ang Isa na 'yun na maaaring hipui't nahahabag sa ating mga kahinaan. Amen.

²⁴⁹ Ngayon, ang pagpapagaling ay sariling patotoo na sa Diyos mismo nanggaling, Kanyang Sariling Kaluwalhatian. Sige.

²⁵⁰ Ikaw, sa palagay ko'y di kita kakilala. Sa palagay ko'y di kita kakilala. Nakikilala ka ng Diyos. Kung ihahayag sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa iyo, o kung anong ninanais mo't ito ma'y karamdaman, suliranin sa pamilya, o kung ano; makasampalataya ka ba nang buong puso mo, magagawa mo ba, binibini? [Sinاسب ng kapatid na babae, "Oh, opo."—Pat.] Ngayon, heto po ang panibagong binibini na di ko kakilala, at di niya rin ako kakilala. Ganap kaming estranghero sa isa't isa. Ito ang pinaka unang beses na nagkita kami, sa buhay. Pero, kung ang Espiritu Santo'y dadako, na ang Presensya'y dadako

rito ngayon at magsasaysay sa atin ng isang bagay tungkol sa babaing ito!

²⁵¹ Ngayon, ang pagalingin siya, hindi ko 'yun magagawa. Ang Diyos ang gumawa nun noong mamatay Siya sa Kalbaryo. Kung ang babae'y makasalanan, di ko siya mailligtas. Dahil, ginawa na 'yun ni Jesus sa . . . Tapos na 'yun. Pero magagawa nga Niyang pumarito sa Presensya ng Kanyang Katauhan, para ipakita na Siya'y nabubuhay pa rin, at ang mga gawa Niya ay haya't nananatiling realidad, na pinagiging realidad ito sa atin, kung tayo lamang ay makasampalataya rito.

²⁵² [Isang kapatid na lalaki ang malakas na humiyaw at ang kongregasyon ay ibayong nagbunyi—Pat.]

²⁵³ “Kung magagawa mong sumampalataya, ang lahat ng mga bagay ay ipangyayari.” Kung magagawa mong manampalataya ngayon. Manampalataya sa Diyos. Huwag mag-alinlangan.

Ngayon, mayroon nga ritong napupuspos nang lubos. Opo, ayos lang 'yan.

²⁵⁴ Ako nga'y napadaan sa estado ng Kentucky, nung isang araw, may narinig akong lalaki na bigla na lang sumulpot mula sa mga palumpong, nagsisisigaw. Sabi ko, “Yung lalaki bang 'yun ay . . . Anong nangyayari sa kanya?”

Sabi, “Lasing lang ang lalaki't iba ang pakiramdam niya.”

²⁵⁵ Kaya ganoon din itong lalaking ito rito, pero siya'y lasing sa ibang uri ng inumin. Lasing at talagang napupuspos. Tama. “Kaya huwag kayong magpakalasing sa matapang na inumin, kundi magpakalasing kayo sa Espiritu,” sabi ng Biblia.

²⁵⁶ Ngayon, ito pong babae na ito rito, yamang isang di ko kakilala, kung masasabi ng Diyos sa kanya kung ano mismo ang suliranin sa kanya, o anong bagay na tungkol sa kanya, na alam niya na di ko nalalaman, siya'y maging saksi nga, alam niya kung ito ba'y totoo, o hindi. Tama po ba, binibini? Ito ba'y makatutulong sa iyo kung gagawin 'yun ng Diyos? Ngayon, ang pagalingin ka nga, kapatid na babae, kung puwede ko nama't kaya kong gawin 'yun, at gagawin ko, pero hindi ko kaya. Isa lang akong tao.

²⁵⁷ Pero heto po ang binibini na naparito para maipanalangin. May bato siya sa apdo. Tama 'yun. At may diabetes din siya. Yun nga ang ipinunta mo rito para maipanalangin, hindi ba, binibini? Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay, nang sa gayon makita ng mga tao. Naniniwala ka ba na magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung sino ka? Makatutulong ba 'yun sa iyo? Siyanga ba? Kung ganoon, Gng. Johnson, bumalik ka na sa iyong upuan at maupo, at gumaling, kung sasampalatayanan mo ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

²⁵⁸ Kung hindi pa rin kayo makasampalataya, di ko alam kung ano pang problema. May kung anong problema nga. Hindi ba

n'yo nakikikita? Ang Liwanag ng Anak ay sumisinag na. Heto nga ang siya ring ginawa noon ni Jesus Cristo.

²⁵⁹ Kilala ko ang lalaking ito. Ako ang . . . Narito ang biyenang niyang babae. At—at kilala ko ang maybahay niya. Matagal ko na siyang di nakikita, matagal na. Ang pangalan niya ay James Morris. Pero di ko alam kung anong sadya niya rito. Di ko alam kung anong suliranin sa kanya. Matagal-tagal ko na siyang di nakikita. Pero ako . . . Kakilala nga niya ako simula nung maliit na batang paslit pa lang ako. Pero, Jim, kung maihahayag ng Panginoon sa akin kung ano ang ipinunta mo rito, magagawa mo bang tanggapin mo, na anupa't kung makasampalataya ka ay matanggap mo ang hinihiling mo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Naparito ka para sa isang anak na lalaki. ["Amen."] Sakit po sa pag-iisip. ["Amen."] Ikaw ba'y sumasampalataya na gagaling siya? ["Amen."] Humayo ka't sampalatayanan ito, kung ganoon. ["Amen."] Manampalataya ka lamang, nang buong puso mo. (Sa palagay ko'y dadalaw ako sa iyo minsan, Kapatid na Jim.)

²⁶⁰ Kilala ko ang ginang na ito rito. Maybahay siya ng isang matalik kong kaibigan. Ang pangalan niya ay Himmelheber. Nakita kita sa tindahan, dito, di pa katagalan. Wala akong nalalaman kung anong suliranin sa iyo. Kilala kita. Kilala ko ang asawa mong lalaki. Ang asawa mong lalaki't ako'y lumaki nang sabay, mula pagkabata. At nag-aral siya, sa palagay ko, isang kiropraktiko, para maging kiropraktiko. Siyanga. At ako po . . . di ko nalalaman kung anong suliranin sa iyo. Pero kung ito lamang ay ihahayag sa akin ng Panginoon . . .

²⁶¹ Ngayon, Gng. Himmelheber, para kay—kay—kay—kay Gilbert, at para sa kanyang kapatid na babae na nakakasama ko noon, kung para—para lang sa kanila, kung magagawa ko lang na pagalingin ka, gagawin ko po, pero di ko magagawa. Pero magagawa po Niya, kung makasampalataya ka ngayon. At kung maipapabatid Niya sa iyo kung—kung . . . Haya't, alam ko nga ang pangalan mo. At kakilala na kita nang matagal na panahon, pero di ko alam kung anong suliranin sa iyo. Kung magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa iyo, sasampalataya ka ba sa Kanya, para sa iyong kagalingan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Sumasampalataya ako."—Pat.] Arthritis ang suliranin mo. ["Opo."] Nakikita kita na hindi ka makagalaw, habang sinusubukan mong umalis ng higaan, sa umaga. Ganoon nga. Sige. Umuwi ka na sa inyong tahanan at tanggapin mo ang iyong kagalingan, Gng. Himmelheber. Ikaw nga'y pinagaling na ng Panginoong Diyos. Manampalataya ka nang buong puso mo.

²⁶² Pagpalain kayo ng Diyos. Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Manampalataya lamang sa Diyos. Buweno.

263 Heto po ang isang binibini. Tumingin ka rito, kapatid na babae. Hindi, hindi ko nakikilala ang babae. Sa palagay ko'y hindi natin kilala ang isa't isa. Pero nakikilala tayo ng Diyos, tama po ba? Naisilang tayo, malayong taon ang pagitan, haya't ito po ang una nating pagkikita, sa abot ng nalalaman ko, o sa abot ng nalalaman mo. Ito po ang una natin. Nakikita n'yo na itinatango niya ang ulo niya. Siyanga. Ito ang unang beses na nakita ko ang babaing ito, sa buong buhay ko. Pero—pero tayo nga'y nakikilalang pareho ng Diyos mismo. Nakikilala na Niya tayo simula pa nung mga bata pa tayo. Nakikilala Niya tayo. Nakikilala na Niya tayo bago pa man mabuo ang mundo. Alam na niya na tatayo tayo mismo rito, sa gabing ito.

264 Alam na Niya na ang eksenang ito'y mangyayari, bago pa man magkaroon ng—ng atom o ng molekyula. Kanya—Kanya ngang nalalaman na ito, Siya, dahil Siya'y naroon na. Siya'y walang sukdulan. Nalalaman na Niya ang lahat bago pa man mabuo ang mundo. Nalalaman na Niya ang lahat ng nangyari't mangyayari. Alam Niya ang bawat niknik, ang bawat sandali na ikukurap nito ang mata nito. Nalalaman Niya ang lahat, dahil Siya'y walang sukdulan. Kita n'yo? At hindi n'yo nga malilimitahan ang walang sukdulan sa kung anong bagay. Siya nga'y. . . Siya'y. . . Ito po'y talagang sukdulan sa sukdulan, na nananahan. Basta't naroon na Siya. Ganoon nga. Kita n'yo?

265 Ngayon, kung masasabi Niya sa akin kung anong suliranin sa iyo, kung gayon makasasampalataya ka ba nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Panginoon!”—Pat.] Iyo po bang magagawa, nang buong puso mo? [“Opo.”] Sige.

266 Pinahihirapan ka ng sakit sa puso't 'yan ang nais mong ipanalangin. Puso. Siyanga.

267 Ngayon, may iba pang bagay diyan sa puso mo, siyanga. Kita mo, nahagip ko 'yun. Kita mo? Iniisip mo, “Pababalikin na kaya niya ako bago niya sabihin ang bagay na ito?” Hindi po. Sasabihin ko sa iyo. Naparito ka para sa isang binatilyo, sa iyong anak na lalaki. Siyanga. At ang anak mong lalaki na 'yan ay wala rito. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Wala po.”—Pat.] Ang anak mong 'yan ay nasa Ohio. [“Opo.”] Nasa ospital siya para sa TB. [“Opo.”] May TB. [“Opo.”] At hindi siya ligtas. At nananalangin ka para sa kaluluwa niya, at para sa kagalingan niya. **GANITO ANG SABI NG PANGINOON.**

268 Hinahamon kita na sige't subukin mo 'yun, at tingnan mo kung ito ba'y totoo, o hindi. Totoo. Hindi ba, ginang? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo. Amen.”—Pat.] Yan nga ang katotohanan. [“Opo.”] Sige. Hindi ako nakakapag pagaling. Makasasampalataya ka ba? [“Opo, ginoo.”] Kung ganoo'y sige't humayo ka na at tanggapin iyon. Kung sa papaanong paraan mo ito sinampalatayanan, ay sa ganoon din mo eksakto itong matatanggap. Humayo ka, sa Pangalan ng Panginoon. Amen.

269 Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."] Kita n'yo? Siya, ang . . . Buweno, ang Liwanag ay sumisinag na. Napagtatanto natin kung nasaan na tayo ngayon. Narito tayo sa Presensya ng Panginoong Jesus.

Sasabihin n'yo, "Binabasa lang niya ang inyong isip."

270 Buweno. Sige't di ako titingin sa binibining ito. Ipatong mo lang ang iyong kamay sa akin, binibini. Kung masasabi 'yun sa akin ng Panginoon sa ganitong paraan, na titingin ako sa gawi *rito*, kung ano ang suliranin sa iyo, makasampalataya ka ba? [Sinasiabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] At mananalig na ikaw ay gagaling? ["Opo."] Ang likod mo. Siyanga. Kung tama, itaas mo ang kamay mo mula sa kamay ko. ["Amen."] Humayo ka't, magaling ka na. Pinagaling ka na mismo ni Jesus Cristo. Kita mo? Sige.

271 Siya'y—Siya'y ang Panginoong Jesus mismo, na siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sige po.

272 Heto ang isang lalaking palapit, gusto mo bang mapagaling mula sa arthritis? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka mismo ng Diyos? [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Sige't bumalik ka na't magaling ka na. Ganoon lang kasimple. Basta't manampalataya lamang. Bumalik ka na sa kinauupuan mo't sabihin, "Nananampalataya ako nang buong puso ko, nang buong diwa ko." Gagaling ka. Basta't sampalatayanan mo lamang ito nang buong puso mo. Huwag mag-alinlangan. Sige po, ginoo.

273 Itong babae rito, haya't, nakikita n'yo siyang nanginginig. May palsy siya. Marahil may iba pang suliranin. Tingnan natin. Hayan, nga. May sugar diabetes siya. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos mula sa sugar diabetes na 'yan, nanay?

274 Panginoong Diyos, sinasaway namin ang masamang bagay na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Gumaling nawa siya. Amen.

Makababalik ka na sa iyong upuan at gagaling ka, kapatid na babae.

275 Nananampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? [Sagot ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

276 Kayo naman riyan, na nakaupo riyan? Nananampalataya ba kayo? Naniniwala ba kayo na ako nga'y propeta ng Diyos? [Malakas na nagbunyi ang kongregasyon at nagsabi, "Amen."—Pat.] Hayan nga . . . Kung makasampalataya kayo.

277 Kayo na kahit walang prayer card, kayo na—na may sakit at nangangailangan, manampalataya lamang sa Diyos. Sige't sampalatayanan n'yo lamang ito. Sige po.

278 Dinala mo ang batang lalaki na 'yan para mapagaling. Ang likod nga niya. Tama. Siya'y pilay. Nananampalataya ka ba na maiuwi mo siya pabalik ng Arkansas, at iigi ang lagay niya, at gagaling siya? Magnanais ka ba na isuko na ang paninigarilyo, at

magsasabi, “Ihinto ko na,” at maging . . . at—at maglilingkod sa Panginoon at gagawin lamang ang tama? Magagawa mo ba? Sige. Sige. Kung ganoon humayo ka, ipatong mo ang kamay mo sa batang lalaking ito ngayon, habang nakatayo ka riyan. Nawa’y pagalingin ng Panginoong Diyos ng Langit ang batang ’yan. At ipangyari na . . .

Hinahamon ko kayo na manampalataya.

²⁷⁹ May isang binibining nakaupo rito, nakatingi’t nakababa ang kanyang mga mata, nakatingin, nakatingin sa akin. May dinaramdam ka sa binti mo. Siyanga. Nananampalataya ka ba na magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung sino ka? Ikaw ba’y maniniwala sa akin? Gng. Worley. Siyanga, po, ’yun nga ang saktong katotohanan. Di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Hayan nga ang asawa mong lalaki na nakaupo sa likuran mo riyan. Isa siyang mangangaral. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko, pero ’yun ang katotohanan.

²⁸⁰ Nananampalataya ka ba na magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa iyo, ginoo? May bahagi ka riyan sa mukha mo, di mo alam kung kanser ba ’yan, di alam kung ano ito. May pumutok na sugat, din. Siyanga. Nagnanais ka na gumaling. Yan nga ang totoo, G. Worley. Sige. Ikaw ba’y nananampalataya nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Kung ganoon humayo ka’t tanggapin mo ang iyong kagalingan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Hayan nga. Siyanga.

²⁸¹ Paano naman ang mata mo? Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na paigihin ka, diyan sa likod, nakaupo riyan na nakatingin sa akin? Buweno. Kung mananampalataya ka nang buong puso mo. Basta’t manampalataya lamang sa Diyos, ’yun lang ang tangi mong dapat gawin.

²⁸² Oh, grabe! Nagkakaroon nga ng kaganapan sa buong dako, ngayon, kung kayo lamang ay makasampalataya. Talagang lumaganap na nang husto rito ngayon, ang lahat ay nagsisikap talagang makasampalataya. Ngayon nananampalataya ba kayo na Siya ang Anak ng Diyos? Nananampalataya ba kayo na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?

²⁸³ Ngayon, mayroon kayang isa rito na di pa Siya kinikilala bilang inyong Tagapagligtas at nagnanais kayong maligtas? Kayo po ba’y handa nang gawin ’yun? Na di mo pa natatanggap ang Espiritu Santo, at nagnanais kayo na makadulog at kayo’y makaparoon kay Cristo, para maging mananampalataya kayo? Itaas n’yo lang ang inyong kamay, kung sinasabi n’yo, “Nais ko pong . . .” Pagpalain ka ng Diyos. Pumarito ka sa altar, ngayon.

²⁸⁴ Bigyan mo kami ng isang munting tipa riyan sa piyano, sa ilang sandali, bago tayo magtapos.

²⁸⁵ Inaanyayahan ko kayo, na pumarito, sa may altar dito. Sige po’t pumarito lang at lumuhod. Ganyan nga, kabataan. Sige’t

tumindig lang. Halikayo, kabataang babae. Ikaw na . . . Tingnan n'yo ang munting binatilyong ito. Dapat na maging kahihayan 'yan sa ilan. Gusto n'yo bang pumarito na, dito sa harap? Gusto n'yo bang makalapit sa Kanya? Halina kayo ngayon. Pumarito na kayo. Amen. Dumulog lang dito ngayon sa Presensya ng Espiritu Santo. Mainam 'yan, kapatid na lalaki. Halina kayo, ngayon. Magagawa n'yo po bang pumarito na't lumuhod, bago tayo magpatuloy sa gawain ng pagpapagaling. Halina kayo rito ngayon at kayo'y mapagaling mismo sa kaluluwa, pagkatapos matyagan n'yo ang mangyayaring kasunod. Pumasok kayo kay Cristo.

²⁸⁶ Siya ang Daan, ang Katotohanan, ang Liwanag. Walang tao ang makadudulog, labas sa Kanya. Sige po, Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, sino man kayo, na di pa nakatatanggap ng Espiritu Santo, ito na ngayon ang oras para gawin 'yan. Halina kayo rito ngayon, at pumasok lamang kay Cristo. Kayo po'y mahihiwagaan Rito. Hinding-hindi n'yo Ito mauunawaan, maliban na tanggapin n'yo ang Espiritu Santo. Halina po kayo ngayon.

²⁸⁷ Kung Katotohanan ang sinabi ko, ang Diyos ay nangusap sa akin. Nangusap ang Diyos sa pamamagitan ko. Katotohanan nga ang sinabi ko. Siya lang ang tanging Daan. Siya lang ang tanging Pundasyon. Siya lang ang tanging kaligtasan. "Walang kaligtasan sa anumang ibang pangalan na ibinigay sa ilalim ng Langit, kundi sa Pangalan ni Jesus Cristo." Maaari ba kayong lumapit na, tanggapin na Siya ngayon?

²⁸⁸ Ilan po sa mga nariyan ang tumalikod sa pananampalataya, na nagnanais na pumarito, lumuhod mismo ngayon? Kayo na tumalikod at lumayo sa Diyos, magagawa n'yo bang lumapit na ngayon? Halikayo. Ito na ang oras.

²⁸⁹ Ngayon tingnan n'yo. Kung tatanggihan n'yo ito, di ko masabi kung mayroon pang matitira, sa inyo na anumang, ano mang pag-asa sa inyo, o kung wala na. Ngayon, di ko sinasabi ito dahil nakatayo ako rito. Pero heto nga't sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, ano pa bang dapat gawin ng Diyos? Ito na ang oras. Ito na ang oras na ang Diyos ay nangungusap sa mga tao.

²⁹⁰ Mainam po, kapatid na babae. Mainam po, mga kapatid na babae. Halina kayo. Ito na ang oras. Ito na ang oras para sa inyo. Wala na ngang iba pang pagkakataon na kayo'y maka lalapit nang lubos sa Kanya, hanggang sa mamatay kayo at dumako sa Kanyang Presensya. Narito Siya, pinatutunayan ang Kanyang Sarili na nabubuhay talaga. Magagawa n'yo bang lumapit na?

O Lamb of God, I come! I come!

Just as I am, without one plea,
But that Thy Blood was shed for me,
And as I come, I will believe,
O Lamb of God, I come! I come!

Just as I am, and waiting not
To rid my soul of one . . .

²⁹¹ Nababahiran nga sila ng isang maitim na bahid, ito ngang kawalan ng pananampalataya. Halina kayo. Ito na talaga. [Malakas na nananalangin ang kongregasyon—Pat.]

Thee, Whose Blood can cleanse each spot,
O Lamb of God, I come! I . . .

²⁹² Papaano n'yo pang matatanggihan Siya, matapos na Siya'y dumating mismo sa pamamagitan ng Mga Salita't, pumarito nang Personal, pinaalam sa inyo na Siya'y narito, nangungusap sa inyo, nangungusap sa inyo ngayon? Ang munting Tinig na 'yun na nangungusap sa inyo. Ang Diyos 'yun. Iniibig Niya na kayo'y makaparoon. Hindi na ganoong kahaba ang itatagal pa natin dito, mga kaibigan. Paalis na tayo rito. Magagawa n'yo bang pumarito na't lumuhod kasama ang ilang mga tao rito? Sabihin, "Diyos, mahabag Ka po sa akin. Nais ko na ngayong tanggapin si Cristo. Ninanais kong maipanganak na muli. Nais kong mapuspos ng Banal na Espiritu. Nagnanais ako ng isang bagay na totoo. Nais kong maging totoo."

²⁹³ Halina po kayo, mismo ngayon, sa palibot ng altar, habang inaawit natin ang kasunod na talatang ito. Magagawa n'yo na bang lumapit ngayon habang paparoon na kami? [Patuloy na nananalangin nang malakas ang kongregasyon—Pat.]

²⁹⁴ Ngayon, kayo riyang na mga mainam na mga Cristiano kayo po'y pumarito na, sa palibot kasama nila. Kayo riyang na mga maysakit sige't halina kayo, lumuhod, din. Kayo riyang na mga Cristiano, halikayo at lumuhod kasama ng mga narito, habang tayo po'y mananalangin na.

. . . receive,
Will welcome, pardon sins, relieve;
Because . . .

Pumarito kayo't samahan po sila, makasalanan. Halikayo't pumarito kasama nila, kayo.

. . . come to Thee,
O Lamb of God, I come!

Halina po kayo rito sa ibaba . . . ? . . .

Just as I am, and waiting not
To rid my soul of one dark blot,
To Thee, Whose Blood can cleanse each spot,
O Lamb of God . . .

²⁹⁵ Mapapalampas n'yo ang pagpapala kung di po kayo lalapit. [Patuloy na nananalangin nang malakas ang kongregasyon—Pat.]

Just as I am, Thou wilt receive,
 Will welcome, pardon, cleanse, relieve;
 To Thee Whose Blood can cleanse each spot,
 O Lamb of God, I come! I come!

²⁹⁶ Buweno. Ang buong iglesya po'y iyuko n'yo na ang inyong mga ulo ngayon. Ang bawat isa, sa pananalangin, manalangin para sa mga taong ito sa palibot ng altar, ang bawat isa't lahat.

²⁹⁷ Bawat isa na narito sa may altar, ngayon, kayo'y dumulog sa batayan ng nabubong Dugo. Naparito kayo para tanggapin ang Espiritu Santo. Naparito kayo para sa kapatawaran ng inyong mga pagkakasala; Diyos, na Siyang matuwid at handa.

²⁹⁸ May tubig po na nakahanda. Maaari kayong pumunta sa dako ng pagbabautismo, bukas, para mabautismuhan, doon sa may simbahan, kung gusto ng pastor na papuntahin kayo roon.

²⁹⁹ “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo.”

³⁰⁰ “Samantalang sinasabi pa ni Pedro ang mga Salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa mga nakikinig Dito, sapagkat narinig nila na nagsalita ang mga ito ng mga wika.”

³⁰¹ Ang Diyos ng Langit, na Siyang kasama ng mga alagad, na Siyang Diyos magpakailan man, narito Siya sa gabing ito.

[Patuloy na nananalangin nang malakas ang kongregasyon—Pat.]

³⁰² Ngayon ang bawat isa po'y yumuko lang sa pananalangin. Bawat isa'y itaas lamang ang inyong tinig at manalangin, habang pangungunahan tayo ng pastor.

Kapatid na Ruddell. Sige po.



KANINO PA KAMI MAGSISIPARON? TAG60-0604
(To Whom Shall We Go?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Hunyo 4, 1960 sa Gospel Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org